3. Gamitin ang worksheet para sa mga kasagutan at mai-post sa discussion board. Maaari kang gumamit ng web application gaya ng photo collage grid para makabuo ng ganitong awtput.

**TSEKLIST SA LARAWANG PASALAYSAY/PASANAYSAY**

Diskripsyon: Bibilugan ang angkop na iskor batay sa pagsusuri.

4: Katangi-tangi
3: Mahusay
2: Nalilinang

Gamitin ang isakalang ito sa pagmamarka:


4: Natatangi/Naiiba 3: Mahusay 2: Karaniwan 1: May Kahinaan

| | Mga Pamantayan | Marka |
|---|---|---|
| Nilalaman | Inilahad ang mga argumento at katotohanan maging ang mga dapat isaalang-alang sa paglalarawan sa panahong isinulat ang nobela at ang kanyang layunin hango sa unang mga kabanata. | |

| | | |
|---|---|---|
| Organisasyon | Naisaayos ang mga kaisipan at argumento o katotohanan upang mailahad ang nabuong mga larawan. Inayos ang daloyat hindi nawawala ang kawilihan at kasabikan sa bawat paglalahad ng mga kaisipan. | |
| Paggamit ng Wika | Ginamit ang wika upang mabisang maibigay ang pangangatwiran at pagsusuring tauhan. | |
| | **KABUUAN** | |

**Gawain 13: KONSEPTO NG PAGBABAGO**

Marahil kailangan mo nang mailahad ang nabago mong mga natutuhan kung bakit isinulat ni Rizal ang nobelang El Filibusterismo. Mahalagang masagot mong muli ang talahanayan sa ibaba at i-upload mong muli sa iyong group edmodo/fb/tweeter upang makatugon din ang ibang groupfollowers/friends/members tungkol sa iyong tugon sa huling dalawang kahon. Maaari ka ring maglagay ng ilang larawan o video na mahahanap mo sa internet bilang bahagi ng iyong paglalahad ng iyong kaisipan. Hingin ang puna at reaksyon ng iyong groupfollowers/friends/members tungkol sa mga ito.Tandaang aking susubaybayan ang inyong mga tugon.



**Katapusang Bahagi ng PAGLILIPAT:**

Ang nobelang klasikal na El Filibusterismo ay ginawa mula sa isip---
puno ng mga kaisipan at ng pagpapahalagang gumigising sa lipunang
kumilos na agapan ang lumalalang sakit ng lipunan magpasahanggang
kasalukuyan. Kung naging mabisa ang epekto ng nobelang ito sa
pagkamit ng kalayaan nang panahong isinulat ito sapagkat naging daan
ito upang mapasigla ang kilusang propaganda na humantong sa
himagsikan laban sa mga Espanyol, mas naging maalab ang mga
Pilipino na maghangad ng kalayaan dahil sa naibigay nitong
inspirasyon sa kasalukuyan.
Sa bahaging ito, naisagawa mo ang isang mabisang paraan ng
pagsusuring pampanitikan. Ngayong alam mo na kung paano mo
ilalarawan ang iyong isinagawang pagganap?
Ngayon handa ka ng ipagpatuloy ang pagsagot sa modyul na ito sa pamamagitan ng susunod na aralin.

## Aralin 2: Kabanata 4-7:Paglubog at Pagsikat ng Araw

### PAGTUKLAS

Sisimulan mo ang modyul na ito sa pamamagitan ng pagtuklas sa mga mahahalagang kaisipang inilalantad ng bawat teksto. Sa iyong paggalugad sa bahaging ito ng modyul, pag-isipan mo ang tungkol sa tanong na ito: Paano ba dapat harapin ang mga dagok o pagsubok sa buhay?

Bakit hindi dapat ilagay sa kamay ang batas? Mahalaga pa ring maging malawak din ang kaalaman mo sa mahahalagang tanong na ito: Kailan masasabing dakila ang nobelang El Filibusterismo?Paano magiging mabisa ang anumang pahayag**?**

Ang mga tanong na ito ay ilan sa mahahalagang tanong na iyong sasagutin sa modyul na ito. *Simulan mo kung gayon ang modyul na ito sa pamamagitan sa pagsagot sa mga gawain nang matuklasan mo ang iyong natatanging kaalaman lalo na sa mga tauhan at mga pangyayari sa bawat kabanata. Inaasahan ding sa dulo ng araling ito ay makapagsasagawa ka ng isang script ng masining na pagkukuwento.*

**Gawain 1: May Problema Ba?**

Panoorin ang video na may pamagat na **What's the Poblem?** sa link na ito [https://www.youtube.com/watch?v=j961R4CkBr4](https://www.youtube.com/watch?v=j961R4CkBr4) na naglalaman ng iba't ibang suliranin sa lipunan at ang pananaw ng iba't ibang uri ng tao. Matapos mapanood ay sagutin ang mga tanong sa ibaba.




**Pamprosesong Tanong:**

1. Ano sa palagay mo ang pangunahing ugat ng maraming problema sa ngayon?

______________________________________________

2. May solusyon ba ang bawat problema?

______________________________________________

3. Sa paanong paraan ba dapat harapin ang problema sa buhay?

______________________________________________

4. Ano ba ang pangunahing solusyon upang matugunan ang maraming problemang kinakaharap ng lipunan sa kasalukuyan?

______________________________________________

**Gawain 2: PINTIG AT PANTIG**

**Matapos mong maibigay ang iyong pananaw sa napanood na video tungkol sa mga kaisipan ng iba, i**bigay mo naman ang iyong sariling pananaw sa mga sumusunod na impormasyon o kaisipan. Maaaring ibigay ang iyong nabuong pananaw o mungkahing tugon at i-post sa discussion board. Ilagay ang iyong sagot sa unang hanay at muli mo itong balikan upang muling magbigay ng iyong bagong kaisipan o mungkahing tugon matapos ang pag-aaral sa bahaging ito ng aralin. Maaaring magbigay ng halimbawang pangyayari mula sa obserbasyon, napanood o karanasan. Magbigay din ng iyong mga puna o komentaryo patungkol sa kaisipan.

| **Ang pintig ng aking puso at isipan sa lipon ng mga pantig ng impormasyon o kaisipan** | |
|---|---|
| Impormasyon/Kaisipan: Tayo ang gumagawa ng ating kapalaran. | |
| Halimbawa | Puna/Komentaryo |
| | Puna/Komentaryo |
| Impormasyon/Kaisipan: Walang mang-aalipin kung walang paaalipin. | |
| Halimbawa | Puna/Komentaryo |
| | Puna/Komentaryo |
| Impormasyon/Kaisipan: Walang lihim na hindi nabubunyag. | |
| Halimbawa | Puna/Komentaryo |
| | Puna/Komentaryo |

<table>
<tr><td colspan="2">Impormasyon/Kaisipan: Ang kadakilaan ng tao ay nasa pagtugon sa kanyang hangarin at pangangailangan.</td></tr>
<tr><td rowspan="2">Halimbawa</td><td>Puna/Komentaryo</td></tr>
<tr><td>Puna/Komentaryo</td></tr>
<tr><td colspan="2">Impormasyon/Kaisipan: Ang layunin ay nagbibigay ng katarungan sa pamamaraan(the end justifies the means)</td></tr>
<tr><td rowspan="2">Halimbawa</td><td>Puna/Komentaryo</td></tr>
<tr><td>Puna/Komentaryo</td></tr>
<tr><td colspan="2">Impormasyon/Kaisipan: Walang halaga ang buhay at ng talino na di nauukol sa isang layuning dakila.</td></tr>
<tr><td rowspan="2">Halimbawa</td><td></td></tr>
<tr><td></td></tr>
<tr><td colspan="2">Ibigay ang sariling pilosopiya sa pagtugon sa mga hamon ng buhay bilang kongklusyon:</td></tr>
</table>

**Pamprosesong Tanong:**

1. Paano dapat harapin ang anumang hamon sa ating buhay?___________________________

___________________________________________________________________

___________________________________________________________________

2. Mayroon bang pinakamahalagang tuntuning dapat sundin upang mapagtagumpayan ang mga hamon o pagsubok na kinahaharap ng tao?

___________________________________________________________________

___________________________________________________________________

_________________

3. Sa iyong palagay, alin kaya sa mga kaisipang nailahad na ang iminumungkahi rin ni Rizal sa kanyang nobelang El Filibusterismo na mahalagang maging pamantayan natin sa pagtugon sa mga hamon o pagsubok sa buhay?

___________________________________________________________________

___________________________________________________________________

_________________

**KATAPUSANG BAHAGI NG PAGTUKLAS:**

*Ang matutuhan mo sa mga susunod na bahagi ay makatutulong sa iyong magkaroon ng kaalaman at malinang ang iyong kasanayang hindi mo pa kaya mula sa iyong sinagutan sa pangalawang gawain.Gayundin na lilinawin sa bahaging ito ang mahahalagang detalye na magagamit mo sa pagkilala at pag-unawa sa mga tauhan sa nobela. Maaari mo nang gawin ang susunod na mga gawain upang mapatunayan ang iyong naging sagot sa unang gawain sa araling ito.*

## PAGLINANG/ PAGPAPATIBAY

*Ang El Filibusterismo ay punong-puno ng paglalarawan at paglalahad ng matatayog na kaisipan upang makita, marinig at madama ng mambabasa ang nais palitawing mensahe ng may akda. Ang iyong layunin sa bahaging ito ay matutuhan at maunawaan ang mga kaisipan at kabutihang naidudulot ng iba't ibang pagpapahalagang inilalarawan sa mga katangian ng mga tauhan. Basahin at unawain ang akda.*

*Mahalagang mabasa mo ang ilang mga kabanatang magpapakilala o maglalarawan sa mga tauhan upang maunawaan mo ang mensaheng nais palitawin ng may akda lalong higit na mauunawaan mo ang lipunan ni Rizal at ng lipunang iyong ginagalawan. Sagutin ang mga tanong pagkatapos ng pagbasa.*

**Gawain 3: PALAWAKIN ANG TALASALITAAN**

Punan ng angkop na salita ang parirala o pangungusap upang mabuo ang kahulugan ng mga salitang mahalagang maunawaan sa araling ito.

| | |
|---|---|
| 1.ADSUM | Sir, present o sa Tagalog, __________ po |
| 2.AGNOS | Tinatawag ding locket o ___________ na may mamahaling uri ng bato |
| 3.BERNARDO CARPIO | Hari ng mga mangmang na_______ magliligtas laban sa mga Kastila. |
| 4.CULATA | _______ng bahagi ng baril |
| 5.KAROMATA | Tinatawag ding ____________na hinihila ng kabayo |
| 6.KORPORASYON | Samahan ng mga ________________ |
| 7.LORO | Isang uri ng ___________na madaling turuang magsalita |

| | |
|---|---|
| 8.MISA DE GALLO | Misa sa hating gabi o madaling araw sa panahon ng _______________ |
| 9.NOCHE BUENA | Gabing __________dahil sa pagsilang ni Kristo |
| 10.PAG-AASUNTO | Pagsampa ng ___________ upang maipagtanggol ang sarili |
| 11.PANATIKO | Ipinalalagay na ___________ o sobra sa karaniwang ugali/nakasanayan |
| 12.SOBRESALIENTE | Pinaka__________ na karangalang may kasamang medalya |

**Pamprosesong Tanong:**

1. Ano ang napansin mo sa mga salitang ginamit ni Rizal sa nobela? _____________________
   ____________________________________________________________________
   _______________
2. Paano nakatulong ang mga salitang ito sa paghahatid ng mensahe sa nobela? Naging mabisa ba ang mga ito sa pagpaparating ng katotohanan? _____________________________
   ____________________________________________________________________
   _______________

**Gawain 4: ISANG KABANATA-ISANG TALATA**

Punan ang mga patlang ng impormasyon upang makabuo ng buod ng bawat kabanata. Tiyaking mailahad ang angkop na impormasyon sa pagkilala sa tauhan at maibigay ang mahalagang pangyayari ayon sa pagkakasunod-sunod batay sa mga ibinigay na pantulong na panalita o pahayag. Makatutulong sa iyo ang sumusunod na websites upang masagot ang gawaing ito:
http://www.kapitbisig.com/philippines/el-filibusterismo-ni-dr-jose-rizal-book-notes-summary-in-tagalog-kabanata-1-sa-ibabaw-ng-kubyerta-ang-buod-ng-el-filibusterismo_93.html Buod ng El Filibusterismo sa bawat kabanata
http://www.wattpad.com/5088197-ang-buod-ng-el-filibusterismo-book-notes-summary Mahahalagang tala at buod ng El Filibusterismo
http://www.wattpad.com/5088544-ang-buod-ng-el-filibusterismo-kabanata-1%262-sa/comment/251613117 Buod ng El Filibusterismo

| PAGKILALA SA TAUHAN | BUOD NG KABANATA |
|---|---|
| **Kab.4: Si Kabesang Tales**<br><br>Si Kabesang Tales ay isang _______________ dahil ________ _______________________ _____.<br>Nirerepresenta niya sa lipunan ang | Patungkol ito sa ___________________________________________ ______________________________________.<br>Nagsimula ang kabanata sa__________________________________kung saan ________________________________________________ __________.<br>Naging suliranin dito ang __________________________________ ____________________. Nagkaroon ng _______________________ |

| | |
|---|---|
| ___________________<br>_<br>___________________<br>____.<br>Layunin ng may akda sa kabanatang ito na<br>__________<br>___________________<br>_____<br>___________________<br>_____ | ________________________________.<br>Sumunod dito ang<br>_____________________________________<br>___. Naging pinakamaigting na naganap ang<br>_________________<br>_____________________________________<br>. Pagkatapos<br>___________________________________.<br>Nagwakas ito sa<br>________________________________<br>_____________________________. |
| **Kab.5: Nochebuena ng Kutsero**<br>Ang Kutsero ay isang<br>____________ dahil<br>_______<br>___________________<br>____.<br>Nirerepresenta niya sa lipunan ang<br>___________________<br>_<br>___________________<br>____.<br>Layunin ng may akda sa kabanatang ito na<br>__________<br>___________________<br>_____<br>___________________<br>_____ | Patungkol ito sa<br>_________________________________<br>______________________________.<br>Nagsimula ang kabanata sa__________________________kung saan<br>_____________________________________<br>_________.<br>Naging suliranin dito ang<br>__________________________<br>_______________. Nagkaroon ng<br>__________________<br>________________________________.<br>Sumunod dito ang<br>_____________________________________<br>___. Naging pinakamaigting na naganap ang<br>_________________<br>_____________________________________<br>_________. Pagkatapos,<br>___________________________________.<br>Nagwakas ito sa<br>________________________________. |
| **Kab. 6:Si Basilio**<br>Si Basilio ay isang<br>_________<br>____________dahil<br>_______<br>___________________<br>____.<br>Nirerepresenta niya sa lipunan ang<br>___________________<br>_<br>___________________<br>____. | Patungkol ito sa<br>_________________________________<br>______________________________.<br>Nagsimula ang kabanata sa__________________________kung saan<br>_____________________________________<br>_________.<br>Naging suliranin dito ang<br>__________________________<br>_______________. Nagkaroon ng<br>__________________<br>________________________________.<br>Sumunod dito ang |

| | |
|---|---|
| Layunin ng may akda sa kabanatang ito na ___________ ______________________ ______ ______________________ ______ | ______________________________________________ ___. Naging pinakamaigting na naganap ang ____________________ ______________________________________________ __________. Pagkatapos, ____________________________________________. Nagwakas ito sa _________________________________________. |
| **Kab. 7: Si Simoun** Si Simoun ay isang __________ ______________ dahil ________ ______________________ ____. Nirerepresenta niya sa lipunan ang ______________________ _ ______________________ ____. Layunin ng may akda sa kabanatang ito na ___________ ______________________ ______ ______________________ ______ | Patungkol ito sa _________________________________________ _____________________________________. Nagsimula ang kabanata sa_________________________________kung saan ______________________________________________ __________. Naging suliranin dito ang ________________________________ ___________________. Nagkaroon ng ______________________ _________________________________________. Sumunod dito ang ______________________________________________ ___. Naging pinakamaigting na naganap ang ____________________ ______________________________________________ __________. Pagkatapos, ____________________________________________. Nagwakas ito sa _________________________________________. |

Pamprosesong Tanong:

1. Sino sa mga tauhan ang higit na nakapukaw ng iyong atensyon? Bakit? _______________

________________________________________________________________________
________
_____________________________________________________________________

2. Ano-anong damdamin ang iyong naranasan matapos makilala ang bawat tauhan? Punan ang talahanayan sa ibaba bilang karagdagang pagsusuri sa tauhan.

| Nangyari sa Tauhan | Damdamin sa Tauhan | Ano ang dapat mangyari sa tauhan? | Kaugnayan nito sa kasaysayan |
|---|---|---|---|
| 1.Kutsero | | | |
| 2.Tales | | | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| 3.Tano | | | |
| 4.Huli | | | |
| 5.Selo | | | |
| 6.Basilio | | | |
| 7.Simoun | | | |
| 8.Kapitan Tiyago | | | |

3. Anong mahalagang naman pangyayari mula sa iyong nabasa ang pumukaw naman ng iyong atensyon? Bakit?
   ____________________________________________

______________________________________________________
______________________________________________________
____________

4. Naging malinaw ba sa iyo ang mensaheng nais palitawin ni Rizal sa mga kabanatang iyong binasa? Ipaliwanag ang sagot.
   ________________________________________

______________________________________________________
______

**Gawain 5: KONSEPTO NG PAGBABAGO**

Punan mo ang talahanayan bilang karagdagang pagsusuri sa mga pangyayaring iyong nabasa at maibigay mo ang KONSEPTO NG PAGBABAGO na iyong tinugunan sa ikalawang gawain ng araling ito..

| TALINGHAGA/ KAISIPAN SA MGA KABANATA | KAUGNAY NA PANGYAYARI SA 4 NA KABANATA (maaaring higit sa isa ang sagot) | ISYU/ KAHULUGAN /NAIS NA DIWA NI RIZAL | REAKSYON O PANININDIGAN |
|---|---|---|---|
| 1. Walang mang-aalipin kung walang paalipin | | | |
| 2. Ang wika ay siyang pag-iisip ng bayan. | | | |
| 3. Ang sakit ng bayan ay siyang higit na nangangailangan ng kagamutan. | | | |
| 4. Ang karunungan ay panghabam-panahon, makatao at pandaigdig. | | | |
| 5. Ang kadakilaan ng tao ay hindi | | | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| magagawa sa pagpapaunawa sa kanyang panahon kundi nasa pagtugon sa kanyang pangangailangan at hangarin sa pag-unlad. | | | |
| 6. Ang layunin ay nagbibigay ng katarungan sa pamamaraan. | | | |
| Samakatuwid, mahalaga sa buhay ang ______________________________________________________________________________________________________________________ | | | |

Pamprosesong Tanong:

1. Paano nakatulong ang matatayog na kaisipan ni Rizal upang lubos nating maunawaan ang lipunan noon hanggang sa kasalukuyan?
   ________________________________
   ________________________________________________________
   ________________________________________________________
   _______________________

2. Masasabi mo bang dakila ang El Filibusterismo? Pangatwiranan.
   ________________
   ________________________________________________________
   ________________________________________________________
   _______________________

**Gawain 6: PAGLILITIS KAY KABESANG TALES**

Ang mga karanasang pinagdaanan ni Kabesang Tales ay walang ipinag-iba sa karanasan ng ibang Pilipinong nagdanas ng kaapihan. Sagutin mo ang pagsubok na ito upang masuri ang pinagdaanan ni Kabesang Tales sa nobela at ang iyong mga katwiran. Ngunit bago mo matugunan ang mga kahon, gawin mo muna ang STOP and DARE Planning Sheet na kasunod nito.

| SANG-AYONG LITISIN | KABESANG TALES VS KORPORASYON → MGA TUNAY NA PANGYAYARI SA BUHAY NIYA | DI-SANG-AYONG LITISIN |
| --- | --- | --- |
| | | |

Kung ikaw ang hukom, ano ang dapat na hatol?
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
____________________

Kung ikaw si Tales, ang dapat mong ginawa noon at sa panahon ng paglilitis?
________________
_______________________________________________
_______________________________________________

paglilitis, sundin ang proseso ng STOP & DARE Planning Sheet sa susunod na kahon .

*STOP & DARE Planning Sheet*

*Premise*/Paksa:

S= *Suspend judgment*: Maglista ng mga kaisipang sumasang-ayon at sumasalungat sa paksang pagtatalunan.

| SANG-AYON | SALUNGAT |
| --- | --- |
| 1. | 1. |
| 2. | 2. |
| 3. | 3. |
| 4. | 4. |
| 5. | 5. |

Nailista ko ba ang mga kaisipang sasang-ayon at sasalungat?
Kung oo, sunod
May maiisip pa ba akong iba?
Kung wala, sunod
Posible pang argumento na maaari ko pang maisama,...
T- *Take a side*: Basahin ang mga kaisipan sa bawat bahagi.

Naglagay ba ako ng + sa taas ng aking papanigan? Kung oo, sunod

O- *Organize ideas:* Ayusin ang mga kaisipan.

Maglagay ng☆ sa matibay na argumentong binabalak kong gamitin. ↓
Kung oo, sunod

Siguruhing makapili ng 3 gagamiting mga kaisipan ↓
kung oo, sunod

Naglagay ba ako ng☆ sa mga kaisipang sasang-ayon at sasalungat? ↓
Kung oo, sunod

Siguruhing makapili ng 3 magkakatunggaling argumento ↓
Kung oo, sunod

Pinagsunod-sunod ko ba ang mga kaisipang ihahain ko ↓
Kung oo, sunod

P- *Plan more as you write*: Mag-isip pa ng iba habang nagsusulat.

Sundin ang DARE upang masigurong nakasusulat ako batay sa apat na bahagi ng sanaysay.

*D=Develop a position statement.*

Isulat ang iyong pinaninindigang pahayag sa ibaba.

____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
______________________________________________________

A= *Add supporting ideas.* (pantulong na mga kaisipan)

R= *Report and refute counterarguments*. (Ilahad at tuligsahin ang mga argumento)

E= End with a strong conclusion.( Maglahad ng matibay na kongklusyon)

**Gawain 7: ANG FILIBUSTERISMO**

Sa mga kabanatang ito maigting na nailahad ni Rizal ang dahilan kung bakit niya pinamagatang El Filibusterismo ang kanyang nobela. Punan ang chart bilang bahagi ng iyong pagsusuri sa kaugnayan ng pamagat ng nobela sa apat na kabanatang binasa.

**FILIBUSTERISMO**
mapanghamon at nagpapakita ng tapang laban sa abusadong paghahari ng mga dayuhan;
pagnanasa ng mga Indiyo na makalaya mula sa pananakop o sinumang nagtatrabaho upang makalaya sa kolonya;
mapagpalayang damdamin, isang tuwirang paglaban sa isang mithiin, malupit at abusadong rihemen;mga taong mulat sa mga

Patunay sa nobela: ________________________________________

Patunay sa nobela: ________________________________________

Patunay sa nobela: ________________________________________

Masasabi mo bang si Simoun ay isang ganap na Filibustero? ________________________________________

Sino-sino si Simoun sa panahon ni Rizal? ________________________________________

Pamprosesong Tanong

1. Mula sa kahulugan ng Filibustero, anong mahalagang hamon ang ninanais ni Rizal sa mga Pilipino batay sa natutuhan mo sa gawaing ito? ________________________________________
2. Bilang isang mag-aaral, paano nakatulong ang nobelang ito sa iyo? ________________________________________
3. Paano mo gagawing positibo ang mensaheng nais ni Rizal sa kanyang nobela para sa mga kabataang tulad mo? Anong magandang kaisipan

ang iyong maibabahagi na iyong natutuhan kaugnay sa nobela kung kaya't dapat itong dakilain? ____________________

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
_________

**Gawain 8: PANSARILING PAGTATAYA SA PAG-UNAWA**

Matapos mong matutuhan ang iba't ibang impormasyon at masanay ang iyong mga kakayahan sa araling ito, kailangan mo munang masagot ang gawaing ito upang matukoy kung hanggang saan pa ang iyong pag-unawa sa mga kasanayan sa araling ito. Itsek ang katapat na hanay ng iyong angkop na tugon sa bawat bilang.

| MGA KASANAYAN | MAGAGAWA AT MALINAW | MAGAGAWA NGUNIT MAY TANONG PA AKO | HINDI MAGAGAWA AT MARAMI PA AKONG TANONG |
|---|---|---|---|
| Nasusuri ang pagkakaayos ng napakinggang buod ng mga kabanata ng nobela | | | |
| Natutukoy ang papel na ginampanan ng mga tauhan sa akda sa pamamagitan ng:<br>- pagtunton sa mga pangyayari<br>- pagtukoy sa mga tunggaliang naganap<br>- pagtiyak sa tagpuan<br>- pagtukoy sa wakas | | | |
| Nabibigyang-kahulugan ang matatalinghagang pahayag na ginamit sa binasang kabanata ng nobela | | | |
| Naiuugnay sa kasalukuyang mga pangyayaring napanood sa *video clip* ang pangyayari sa panahon ng pagkakasulat ng akda | | | |
| Naibabahagi ang ginawang pagsusuri sa napakinggang buod ng binasang akda batay sa:<br>- katangian ng mga tauhan<br>- pagkamakato-tohanan ng mga pangyayari | | | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| tunggalian sa bawat kabanata | | | |
| Naisusulat ang buod ng binasang mga kabanata | | | |
| Nagagamit sa pagbubuod ang tamang mekaniks sa pagsulat (baybay, bantas, at iba pa), gayundin ang wastong pag-uugnay ng mga pangungusap/ talata | | | |

**Gawain 9: KONSEPTO NG PAGBABAGO**

Marahil kailangan mo nang mailahad ang nabago mong mga natutuhan kung bakit isinulat ni Rizal ang nobelang El Filibusterismo. Mahalagang masagot mong muli ang talahanayan sa ibaba at i-upload mong muli sa iyong group edmodo/fb/tweeter upang makatugon din ang ibang groupfollowers/friends/members tungkol sa iyong tugon sa huling dalawang kahon. Maaari ka ring maglagay ng ilang larawan o video na mahahanap mo sa internet bilang bahagi ng iyong paglalahad ng iyong kaisipan. Hingin ang puna at reaksyon ng iyong groupfollowers/friends/members tungkol sa mga ito. Tandaang lahat ng tugon ay aking susubaybayan.

ANG ALAM KO NA

______________________
______________________
______________________
______________________
______________________
______________________

NAIS KO PANG MALAMAN

______________________
______________________
______________________
______________________
______________________
______________________

NATUTUHAN KO

______________________
______________________
______________________
______________________
______________________
______________________
______________________
______________________
______________________

LAYUNIN NI RIZAL SA PAGSULAT NG EL FILIBUSTERISMO

______________________
______________________
______________________
______________________
______________________
______________________
______________________
____________

**Katapusang Bahagi ng Paglinang:**

*Sa bahaging ito, tinalakay natin ang matatayog na kaisipang nagbigay sa atin ng karagdagang kamalayan sa ating sarili, sa kapwa at sa ating lipunan sa pangkalahatan.*

*Ngayong alam mo na ang mahahalagang kaalamang ito, maaari ka ng tumungo sa susunod na bahagi ng ating modyul. Ang mga natsek mong hindi pa malinaw na kasanayan ay matutuhan mo kung maisasagawa mo ang susunod na mga gawain. Palalimin natin ang iyong kaalaman sa susunod na bahagi o pagtalakay.*

## PAGPAPALALIM

Bilang panimula sa bahaging ito, mula sa pansariling pagtatayang iyong isinagawa, masasabi mo bang kaya mo ng tatasin o bigyang kahulugan ang mga pahayag na iyong mababasa o maririnig? Magagamit mo ba ang mga ito upang maging mabisa ang pag-unawa mo sa anumang mababasa o maririnig sa iyong lipunan upang lubos mong maunawaan ang nobela ni Dr. Jose Rizal?

Kung handa ka na, iyo nang simulan ang mga susunod na gawain.

**Gawain 10: ANO ANG SABI NG MGA TAUHAN?**

Suriin ang ilang mga pahayag ng mga tauhan sa nobela bilang pagpapalalim sa nais palitawin ni Rizal sa pagbuo niya ng mga tauhang Basilio at Simoun, Kabesang Tales at ng Korporasyon ng mga prayle, Padre Fernandez at Padre Sibyla at iba pa. Tukuyin sa pamamagitan ng paglalagay sa ikalawang hanay kung ang bawat pahayag ng tauhan ay nasa pananaw fatalistic ( walang solusyon kundi nasa Diyos lamang); pananaw reformist (posible ang pagbabago ngunit galing mula sa itaas/pamahalaan); at pananaw radical revolutionary (kailangan at mahalaga ang pagbabago na maisasagawa ng mga nasa ibaba). Ipaliwanag ang iyong tugon sa huling hanay.

| PAHAYAG SA NOBELA | PANANAW | PALIWANAG |
|---|---|---|
| 1. Ang makina'y hahanapin pa upang mapainit ang apoy at magkakasama-sama ang watak-watak at mumunting ilog na hanggang pangarap na lamang- Simoun | | |
| 2. "Magiging lupa rin tayo, at hubad tayong talaga nang ipanganak" Kabesang Tales | | |
| 3. "Ang sakit ng bayan ay siyang higit na kailangan ng gamot. Walang halaga ang buhay na hindi nauukol sa isang layuning dakila, parang isang bato sa linang sa halip maging sangkap sa isang gusali." Simoun | | |
| 4. Kapag ang bayan ay tumalino na, kung wala nang lahi-lahi, lahat ng bayan ay malaya at wala nang nang-aalipin at napaaalipin...ang salitang kagitingan at pag-ibig sa bayan ay ituturing nang kabaliwan..."Basilio | | |
| 5. "Kailangan munang makalaya sa mapaniil upang makamit ang hangarin at pangangailangan. Ang kadakilaan ng tao ay hindi magagawa sa pagpapauna sa kanyang panahon kundi nasa pagtugon sa kanyang pangangailangan at hangarin sa pag-unlad"-Simoun | | |
| 6. Ang pagpapaumanhin ay hindi laging kabaitan, ito'y kasalanan kung nagbibigay-daan sa pang-aapi. Walang mang-aalipin kung walang paaalipin."Simoun | | |
| 7. Kayo ay walang hangad kundi isang munting tahanan, kaunting kaginhawaan, isang | | |

| | | |
|---|---|---|
| asawa; isang dakot na bigas; at iyan ay mithiin ng marami sa Pilipinas, at kung iyan ay ibigay sa inyo, ituturing ninyong kayo'y mapalad na." Simoun | | |
| 8. Magtiis kayong nagpamana sa akin ng isang pangalan at isang tahanan...At ikaw, diwang marangal, dakilang kaluluwa, ...magtiis din! Ang pamamaraang ginagamit ko'y di marahil kaayon ng pamamaraan mo ngunit siyang lalong madali..."Simoun | | |

Pamprosesong Tanong:

1. Anong pananaw ang higit na nangingibabaw sa mga pahayag na iyong pinag-aralan?
   ____________________________________________
   ____________________________________________
   ____________________
2. Sa mga inilahad na pananaw lalo na sa isang lipunang kagaya ng isang sakit na kanser, alin sa dalawa ang mas mabisang lunas: rebolusyon o reporma?
   ____________________________________________
   __________

______

3. Batay sa iyong pagsusuri sa nobelang iyong binasa, ano kaya sa palagay mo ang nangingibabaw na damdamin at adhikain ni Rizal na mabisang tugon sa lipunang inilarawan niya sa kanyang panahon?
   ____________________________________________
   ____________________________________________
   ____________________

________________________________________________

______

4. Sa mga nangyayari naman sa ating lipunan sa kasalukuyan, alin sa dalawa ang mas mabisangparaan? Ipaliwanag.
5. ____________________________________________
   __________

________________________________________________
________________________________________________
____________

6. Ano-ano ang mga kaisipang iminumungkahi ni Rizal sa kanyang nobela bilang tugon o solusyon sa mga problema ng bayan/lipunan sa ngayon?Magbigay ng mga patunay o halimbawa
______________________________________________________________
______________
______________________________________________________________
_________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
__________

**Gawain 11: HINDI MALILIMUTANG KAISIPAN**

Matapos mong masuri ang nagtutunggaliang mga kaisipan o pananaw sa nobela ni Rizal, suriin mo naman ang mga hindi malilimutang pahayag ng kilalang personalidad sa kontemporaryong panahon at magtukoy ng kaisipan o pangyayari sa panahon ni Rizal na kaugnay ng pahayag. Ipaliwanag ang iyong sagot.

| PAHAYAG | REAKSYON/ PAGPAPAKAHULUGAN | ANO ANG SABI NI RIZAL SA NOBELA |
|---|---|---|
| "Kusa akong nagbalik upang makisama sa mga hanay ng mga nakikipaglaban para sa pagbabalik ng ating mga karapatan at kalayaan sa mapayapang pamamaraan.Hindi ko hangad ang sagupaan. Idinadalangin ko't aking sisikaping magkaroon ng tunay na pambansang pagkakasundo batay sa katarungan, Ang laganap na paghihimagsik ay lumalala at nagbabantang sumabog sa isang madugong rebolusyon. Dumarami ang mga kadre ng kabataang Pilipino na sa ngayo'y naniniwalang ang kalayaan ay hindi ibinibigay kundi kailangan ito'y agawin. Kailangan pa bang tayo'y magbuhos ng dugo tulad | | |

| | | |
|---|---|---|
| noong nakaraan na naging kabayaran ang ating Republika o maaari ba tayong umupo at mag-usap bilang magkakapatid upang ayusin ang ating hindi pagkakasunduan sa tulong ng katwiran at magandang kalooban."Benigno Aquino Jr.,1983 | | |
| Hindi ako nagnakaw. Pero ang mga diumano'y nagnakaw ay siyang nagpapasimuno ng kalituhan; gustong kaladkarin pababa ang lahat ng ating pinaghirapang maabot dito sa tuwid na daan. Tayo ang ninakawan, tayo ang niloko, tapos tayo pa ngayon ang pinagpapaliwanag. Tayo ang patuloy na naghahanap ng katotohanan, tayo ang nagbawas nang nagbawas sa mga mekanismong maaaring gamitin para abusuhin ang kapangyarihan ...Aquino, SONA 2013 | | |
| Yung mayaman ay higit pang yumaman, at ang mahihirap lalong humirap.<br>Malubha ang lagay ng ating ekonomiya, at namimiligro ang kabang-yaman ng bansa.<br>Ngunit hindi nangangahulugan na walang magagawa ang pamahalaan. At lalong hindi nangangahulugan na walang magagawa ang sambayanang Pilipino.<br>Kailangan magbanat tayo ng mga buto, at tunay na serbisyo ang siyang dapat na maging balangkas para sa ating mga<br>solusyon. Naniniwala ako na kapag nagawa natin na tayo'y | | |

| | | |
|---|---|---|
| nagkaisa, tayo'y nagkasama-sama, lahat ng klaseng pagsubok ay malalampasan natin. Nandiyan din ang ating hamon; nandiyan din ang ating tagumpay. Estrada, 1998 | | |
| I do not care how brave a president is; I do not care how many medals he may wear. I do not care how well trained his guards may be. If he violates the will of the people, he shall be eliminated. There are many things we do not want about the world. Let us not just mourn them. Let us change them. Ferdinand Marcos, 1972 | | |
| Kung hindi tayo kikilos, sino ang kikilos? Kung di tayo kikibo, sino ang kikibo? Kung hindi ngayon, kailan pa?" Sarmiento Jr.,1975 | | |

Pamprosesong Tanong:

1. Alin sa mga pahayag ang naibigan at tumatak sa iyong isipan? Bakit?
   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ____________________
______________________________________________
______
2. Ano ang naging malinaw sa ngayong adhikain ni Rizal para sa bansa? Masasabi mo bang patuloy pa ring nangyayari sa ngayon ang mga isyu ng lipunan sa panahon ni Rizal?
   ______________________________________________
   __________
______________________________________________
______________________________________________
____________
3. Paano nakatulong ang nobela ni Rizal upang matugunan ang problema ng kahirapan at iba pang sakit ng lipunan sa kasalukuyan? Patunayan o magbigay ng halimbawa.
   ______________________________________________
   __________

______________________________________________________________
______________________________________________________________
_______________

4. Bakit dapat dakilain si Rizal at karapat-dapat siyang ituring na pambansang bayani ng Pilipinas?

______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
_______________________

**Gawain 12: KUNG MAY KATWIRAN, IPAGLABAN MO**

Maraming iba't ibang karapatan ang nilabag sa mga kabanatang iyong nabasa na bahagi pa rin ng iba't ibang kamalayang nais maunawaan mo bilang mambabasa. Punan ang talahanayan ng iyong masusing paglalahad sa mga sanhi at problema ng karapatan ang maimumungkahi mong bunga at solusyon sa mga ito.

| KARAPATAN<br>PANGYAYARI SA NOBELA | SANHI<br>PROBLEMA | BUNGA<br>SOLUSYON |
|---|---|---|
| 1.PANTAO<br>- | | |
| 2. MAGSASAKA<br>- | | |
| 3.KASAMBAHAY AT IBA PANG MANGGAGAWA<br>- | | |
| 4.MATATANDA<br>- | | |
| 5.MAG-AARAL<br>- | | |

Pamprosesong Tanong:

1. Anong karapatan ang higit na nalalabag sa kasalukuyan? Magbigay ng patunay.
   ________________________________________________________
   __________

______________________________________________________________
______

2. Mayroon pa bang ibang karapatan ang dapat pagtuunan ng pansin sa kasalukuyan? _____

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
___________

3. Ano-ano naman ang mahahalagang kaisipan ni Rizal sa kanyang nobela ang dapat nating maisabuhay patungkol sa ating mga karapatan bilang tao? _________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
________________

**GAWAIN 13: PANSARILING PAGTATAYA SA PAG-UNAWA**

Matapos mong matutuhan ang iba't ibang impormasyon at masanay ang iyong mga kakayahan sa araling ito, kailangan mo muling masagot ang gawaing ito upang matukoy kung hanggang saan pa ang iyong pag-unawa sa mga kasanayan sa araling ito. Itsek ang katapat na hanay ng iyong angkop na tugon sa bawat bilang.

| MGA KASANAYAN | MAGAGAWA NA AT MALINAW | MAGAGAWA NGUNIT MAY TANONG PA AKO | HINDI MAGAGAWA AT MARAMI PA AKONG TANONG |
|---|---|---|---|
| Nasusuri ang pagkakaayos ng napakinggang buod ng mga kabanata ng nobela | | | |
| Natutukoy ang papel na ginampanan ng mga tauhan sa akda sa pamamagitan ng:<br>- pagtunton sa mga pangyayari<br>- pagtukoy sa mga tunggaliang naganap<br>- pagtiyak sa tagpuan<br>- pagtukoy sa wakas | | | |
| Nabibigyang-kahulugan ang matatalinghagang pahayag na ginamit sa binasang kabanata ng nobela | | | |
| Naiuugnay sa kasalukuyang mga pangyayaring napanood sa *video clip* ang pangyayari sa panahon ng pagkakasulat ng akda | | | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| Naibabahagi ang ginawang pagsusuri sa napakinggang buod ng binasang akda batay sa:<br>- katangian ng mga tauhan<br>- pagkamakato-tohanan ng mga pangyayari<br>tunggalian sa bawat kabanata | | | |
| Naisusulat ang buod ng binasang mga kabanata | | | |
| Nagagamit sa pagbubuod ang tamang mekaniks sa pagsulat (baybay, bantas, at iba pa), gayundin ang wastong pag-uugnay ng mga pangungusap/ talata | | | |

**Gawain 14: KONSEPTO NG PAGBABAGO**

Marahil kailangan mo muling mailahad ang nabago mong mga natutuhan kung bakit isinulat ni Rizal ang nobelang El Filibusterismo at kung bakit dapat itong dakilain. Mahalagang masagot mong muli ang talahanayan sa ibaba at i-upload mong muli sa iyong group edmodo/fb/tweeter upang makatugon din ang ibang groupfollowers/friends/members tungkol sa iyong tugon sa huling dalawang kahon. Maaari ka ring maglagay ng ilang larawan o video na mahahanap mo sa internet bilang bahagi ng iyong paglalahad ng iyong kaisipan. Hingin ang puna at reaksyon ng iyong groupfollowers/friends/members tungkol sa mga ito. Tandaang susubaybayan ko ang inyong tugon.

ANG ALAM KO NA
______________________
______________________
______________________
______________________
______________________
______________________

NAIS KO PANG MALAMAN
______________________
______________________
______________________
______________________
______________________
______________________

NATUTUHAN KO
____________________
____________________
____________________
____________________
____________________
____________________
____________________
____________________
____________________

**KAILAN MASASABING DAKILA ANG EL FILIBUSTERISMO?**
______________________
______________________
______________________
______________________
______________________
______________________
______________________
_____________

**Wakas ng PAGPAPALALIM:**

Sa bahaging ito, tinalakay natin ang mga kaalaman hinggil sa iba't ibang mensahe at tulong na magagawa ng obra-maestra ni Rizal sa ating buhay at sa pagtugon sa mga isyung panlipunan. Ano-anong bagong kaalaman ang iyong nakuha na maaari mong magamit sa pang-araw-araw na pamumuhay at ano ang nakatulong sa'yo upang matamo ang mga ito?

Ngayon at may malalim ka nang pag-unawa sa paksa, handa ka ng gawin ang isang proyektong may kinalaman sa paglalahad ng mga mensahe bilang paghahanda sa isang masining na pagkukuwento ng piling karakter sa El Filibusterismo.

## PAGLILIPAT

Ito na nga ang huling bahagi ng aralin na talaga namang inilaan para higit pang mapayaman ang iyong kaalaman at mapagtibay ang anumang bagay na iyong natutuhan. Mga natutuhang magagamit mo sa pang-araw-araw na pamumuhay.
Layunin ng bahaging ito na sukatin ang iyong natutuhan sa pamamagitan ng paglilipat ng kaalaman sa pagsasakatuparan ng proyekto tungkol sa isang masining na pagkukuwento ng napiling karakter sa El Filibusterismo. Sa ngayon, upang maihanda ka sa iyong inaasahang pagganap tungkol sa malikhaing pagtatanghal, gawin mo muna ang mga paunang gawaing ito.

GAWIN MO ANG ***MINI TASK*** NA ITO!

**GAWAIN 15: Masining na pagkukuwento ng piling karakter sa El Filibusterismo**
**Unang Bahagi: Pagbuo ng Script**
Ikaw ay masining na magkuwento (monologo/deklamasyon/masining na pagsasalita) ng isang piling tauhan sa nobela upang ilarawan ang iba't ibang kalagayan ng mga Pilipino sa kasalukuyan kung saan ay malinaw ding maiuugnay sa kalagayan ng mga tauhan sa El Filibusterismo. Mahalagang isaalang-alang ang mga kaisipang natutuhan sa araling ito upang malinaw na mailarawan ang tunay na kalagayan ng bansa noon na inilalantad ng tauhan sa nobela at kung paano hinarap ng mga tauhan sa nobela ang mga isyu gayundin ang kahalintulad na pagharap at kung paano hinaharap ng bawat Pilipino ngayon ang mga isyu at kalagayan sa lipunan maging ang kaugnayan ng mga taong nakapaligid sa kanya sa pagharap sa buhay at pagbabago ng kanyang mga paninindigan, katayuan o pagkatao.

**TSEKLIST SA MASINING NA PAGKUKUWENTO NG NAPILING TAUHAN**

Pumili ng isa sa mahahalagang tauhan sa ibaba at gawing gabay ang mga sumusunod sa pagbuo ng script ng masining na pagkukuwento:

TALES BASILIO SIMOUN HULI ISANG PRAYLE

1. Ipakilala ang tauhan batay sa kanyang pinagmulan, katayuan at anyo bilang panimula.
2. Isalaysay ang kanyang mga nakaraan o pinagdaanan sa buhay
3. Ilarawan ang kanyang naging kalagayan matapos ang mga pinagdaanan
4. Ilahad ang kanyang personalidad o representasyon noon at ngayon.
5. Anong mensahe ang matututuhan sa kanyang buhay?
6. Mag-iwan ng isang pahayag bilang matibay na pangwakas.

Deskripsyon: Bibilugan ang angkop na iskro batay sa narinig na masining na pagtatanghal.
4: Katangi-tangi
3: Mahusay
2: Nalilinang
1: May Kahinaan

| | Mga Pamantayan | Marka |
|---|---|---|
| Nilalaman | Nailahad ang mga dapat isaalang-alang sa pagtatanghal upang maipakilala o mailarawan ang tauhan at ang kaugnayan nito sa kasalukuyan. | |
| Organisasyon | Naisaayos ang mga kaisipan gamit ang mga pahayag sa pagsasalaysay upang mabisang mailarawan ang napiling tauhan . Maayos ang daloy at hindi nawawala ang kawilihan at kasabikan sa bawat paglalahad ng mga kaisipan. | |
| Paggamit ng Wika | Angkop na ekspresyon ng mukha, kumpas ng kamay at pagkilos bilang pagbibigay diin sa mahahalagang pangyayari. | |
| Bisa ng Pahayag sa Pagsasalita | Angkop ang pagbigkas ng mga salita,taginting ng tinig, tono at diin na makapagpapatibay sa bisa ng pagsasalita | |

| | | |
|---|---|---|
| Reaksyon ng Tagapakinig | Matamang nakikinig ang mga nanonood at intresadong-intresado sa paraan ng pagsasalita. | |
| | **KABUUAN** | |

**Gawain 16: 3-2-1 CHART**

Bago ka magtapos sa araling ito,mahalagang magkaroon ka muna ng pansariling repleksyon tungkol sa aralin. Punan ang chart sa ibaba.

| | |
|---|---|
| **3** mahahalagang kaisipang natutuhan mo sa araling ito | **1.**<br>**2.**<br>**3.** |
| **2** bahagi ng iyong buhay na natugunan o matutugunan mula sa mga natutuhan | **1.**<br>**2.** |
| **1** mahalagang tanong na kailangan pa ng higit na pag-unawa | **1.** |

**Katapusang Bahagi ng PAGLILIPAT:**

Sa bahaging ito, naisagawa mo ang isang masining na paraan ng pagkukuwento. Ngayong alam mo na kung paano mo ilalarawan ang iyong isinagawang pagganap? Paano nakatulong ang gawain upang maunawaan mo ang iba't ibang kaisipan ni Dr. Jose Rizal sa paglikha niya ng mga tauhan na naglalantad ng mga kaisipang nakatulong sa pag-unawa at pagtugon sa mga suliranin sa buhay at sa mga isyung panlipunan?

Ngayon handa ka ng ipagpatuloy ang pagsagot sa modyul na ito sa pamamagitan ng susunod na aralin.

## Aralin 3: Kabanata 8-11: Sementadong Gubat

### PAGTUKLAS

Sisimulan mo ang modyul na ito sa pamamagitan ng pagtuklas sa mga mahahalagang kaisipang inilalantad ng bawat teksto. Sa iyong paggalugad sa bahaging ito ng modyul, pag-isipan mo ang tungkol sa tanong na ito:Kailan masasabing dakila ang El Filibusterismo sa nagbabagong daigdig? Paano magiging mabisa ang anumang pahayag**?**

Ang mga tanong na ito ay ilan sa mahahalagang tanong na iyong sasagutin sa modyul na ito. *Simulan mo kung gayon ang modyul na ito sa pamamagitan sa pagsagot sa mga gawain nang matuklasan mo ang iyong natatanging kaalaman lalo na sa mahahalagang pangyayari sa nobelang El Filibusterismo.*

**Gawain 1: PAGSUSURI SA AWIT (Bahagi ng Konsepto ng Pagbabago)**

Panoorin ang video o pakinggan ang mga sumusunod na awit at ibigay ang pangunahing isyu/kaugalian/kamalayang panlipunang inilalantad ng bawat awit. Ibigay rin ang iyong reaksyon sa bawat awitin.

| | | |
|---|---|---|
| http://www.youtube.com/watch?v=lBz6tRmYecl Banal na Aso ng Yano | ⇨ | Isyu/Kaugalian/Kamalayan:<br>Reaksyon: |
| www.youtube.com/watch?v=uLkbsWyOH8Y<br>www.youtube.com/watch?v=mrLB7pED3R8 | ⇨ | Isyu/Kaugalian/Kamalayan::<br>Reaksyon: |
| www.youtube.com/watch?v=GATK9LoOvak Hudas ng Bamboo | ⇨ | Isyu/Kaugalian/Kamalayan::<br>Reaksyon: |

| | |
|---|---|
| www.youtube.com/watch?v=L_hokTBziJ4Tatsulok ng Bamboo | Isyu/Kaugalian/Kamalayan::<br>Reaksyon: |

Pamprosesong Tanong:

1. Ano-anong isyu,kaugalian ,pagpapahalaga o kamalayang panlipunan sa iyong palagay ang malinaw na inilalantad ng mga awiting iyong natunghayan?
_______________________________________________
_______________________________________________
___________
2. Ano-ano ang mahihinuha mong dalawang panig na nagtutunggaliang kamalayan o kalagayan(binary opposition) mula sa napakinggang music videos?
_______________________________________________
_______________________________________________
____________
3. Anong mahalagang mensahe ang nais nitong palitawin sa atin bilang mambabasa?
_______________________________________________
______
4. Naging mabisa ba ang awit upang maunawaan mo ang nais nitong palitawin? Paano magiging mabisa ang anumang pahayag?
__________________________________

Ngayong nagkaroon ka ng pagkakataong masubok ang iyong kakayahan sa pagsusuri sa awit, ngayon ay subukin mong isagawa ang gawaing ito bilang pansariling pagtataya I-tsek ang katapat na kahon kung hanggang saan ang iyong kakayahan sa mga sumusunod na pagsubok o kasanayan.

| MGA KASANAYAN | Kaya kong mag-isang gawin sa iba't ibang paraan | Kaya kong mag-isang gawin | Kailangan ko pa ng tulong |
|---|---|---|---|
| Naipahahayag ang sariling paniniwala at pagpapahalaga kaugnay ng mga kaisipang namayani sa akda | | | |
| Nasusuri ang mga kaisipang lutang sa akda (Diyos, bayan, kapwa-tao ,magulang) | | | |
| Natatalakay ang mga kaisipang ito:<br>- kabuluhan ng edukasyon<br>- pamamalakad sa pamahalaan<br>- pagmamahal sa: | | | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| ✓ Diyos<br>✓ bayan<br>✓ pamilya<br>✓ kapwa-tao<br>- kabayanihan<br>- karuwagan<br>- paggamit ng kapangyarihan<br>- kapangyarihan ng salapi<br>- kalupitan at pagsasamantala sa kapwa<br>- kahirapan<br>- karapatang pantao<br>- paglilibang<br>- kawanggawa<br>- paninindigan sa sariling prinsipyo<br>- at iba pa | | | |
| Naipaliliwanag ang kabuluhan ng mga kaisipang lutang sa akda kaugnay ng :<br>- karanasang pansarili<br>- gawaing pangkomunidad<br>- isyung pambansa<br>- pangyayaring pandaigdig | | | |
| Nabibigyang-kahulugan ang matatalinghagang pahayag sa pamamagitan ng pagbibigay ng halimbawa | | | |
| Naiuugnay ang kaisipang namayani sa pinanood na bahagi ng binasang akda sa mga kaisipang namayani sa binasang akda | | | |
| Naipahahayag ang sariling paniniwala at pagpapahalaga tungkol sa mga kaisipang namayani sa akda | | | |
| Naisusulat ang pagpapaliwanag ng sariling mga paniniwala at pagpapahalaga kaugnay ng mga kaisipang namayani sa akda | | | |
| Naipahahayag ang sariling paniniwala at pagpapahalaga gamit ang angkop na mga salitang hudyat sa paghahayag ng saloobin/ damdamin | | | |

Para sa natsek mo sa unang kahon ay binabati kita sa taglay mo nang kakayahan. Para naman sa natsek mo sa ikalawang hanay na kaya mo nang mag-isa, kailangan mo pa ng ibayong pagsasanay upang lalo pang mahasa ang iyong kakayahan upang lalong maging malikhain at maparaan sa anumang pagsubok o hamong kahaharapin. Para sa mga naitsek mong kailangan pa ng tulong ng iba ay kailangan mo kung gayong pag-aralan ang susunod na aralin at sagutin ang mga sumusunod na gawain.

**KATAPUSANG BAHAGI NG PAGTUKLAS:**

*Ang matututuhan mo sa mga susunod na bahagi ay makatutulong sa iyong magkaroon ng kaalaman at malinang ang iyong kasanayang hindi mo pa kaya mula sa iyong sinagutan sa pangalawang gawain.Gayundin na lilinawin sa bahaging ito ang mahahalagang detalye na magagamit mo sa pagsusuri sa mga kabanata ng El Filibusterismo. Maaari mo nang gawin ang susunod na mga gawain.*

## PAGLINANG/ PAGPAPATIBAY

Maraming nakaimpluwensiya kay Dr. Rizal upang makalikha siya ng mga
natatanging tauhan at mga pangyayari sa akda niyang El Filibusterismo; mga tauhang
ibinatay niya sa mga taong nakapaligid sa kaniya na nagbigay inspirasyon upang
kumatawan sa kaniyang mga tauhan, patunay rin ng katotohanang naganap ang mga
pangyayari sa akda hindi lamang sa kaniyang kapanahunan kundi hanggang sa
ngayon..

Ang mga tauhan, tagpuan at mga pangyayari sa nobela ay kumakatawan sa maraming mga kaugalian, isyu, kalagayan o ng iba't ibang kamalayang malinaw pa ring sumasalamin noon hanggang sa kasalukuyan. Kung kaya't kailangan mong alamin at pakasuriin ang bawat kabanata upang lubos mong mapahalagahan at lalong maibigan ang kanyang nobela.

*Handa ka na ba? Simulan mo nang pag-aralan ang bawat gawain at sagutin ang mga tanong pagkatapos ng pagbasa.*

**GAWAIN 3: MGA TALINGHAGA NI RIZAL**

Ang mabisang pahayag ay nakasalalay sa paggamit ng wika sa malinaw, maayos, tiyak, maganda, mapanghikayat at kawili-wiling paraan. Sa gawaing ito ay susuriin mo ang mga pahayag sa ilang kabanata ni Rizal at ibigay mo ang iyong sariling pagpapakahulugan. Dito mo lubos na mauunawaan ang iba't ibang isyu, kaugalian at sakit ng lipunan sa kanyang panahon at malinaw pa ring sumasalamin hanggang sa ngayon. Halimbawa, Naniniwala ang kutsero na ililigtas ni Bernardo Carpio ang kagaya niyang Pilipino mula sa mga tulisan kapag nakawala ang kanang paa nito sa pagkakagapos(kabanata 5). Maaari itong mangahulugan ng pagtitiis, pagpapakasakit at patuloy na paghihintay kaysa gumawa o kumilos upang agad na makahanap ng lunas.

1. Nag-alay si Huli ng kahuli-hulihang pera niya sa Mahal na Birhen.
   ____________________
_____________________________________________________________________________
_____________________________________________________________________________
_____________
2. Hindi ipinagbili ni Huli ang agnos na bigay sa kanya ng Basilio kahit malaki ang maitutulong nito sa kanya.
   ____________________________________________________________
_____________________________________________________________________________
_____________________________________________________________________________
______________
3. Tuwing Pasko, maagang ginigising sa maginaw na umaga para magsimba ang mga bata, binibihisan ng inalmirol na damit na matigas na, bagong sapatos na masakit sa paa, pinaluluhod sa lahat ng kamag-anakan sa bahay-bahay, pinaaawit para makakuha ng aginaldo at kinukuha ng mga magulang ang pera pagkatapos na may kasama pang kurot.
_____________________________________________________________________________
_____________________________________________________________________________
_____________________________________________________________________________
________
4. Ayon sa turo Tandang Basyong Makunat, huwag magpapaaral ng anak na lalaki sapagkat kapag nawalay sa kanyang kalabaw (sa bukid), kinukubabawan ito ng demonyo.
_____________________________________________________________________________
_____________________________________________________________________________
_____________________________________________________________________________
___________________________
5. Ang pagkapipi ni Tandang Selo ay bunga ng kapabayaan ng higit na malalakas na hindi umamin ng pagkakasala kundi nagsabing ginawa lamang nila ito dahil sa kapakanan ng pamilya ni Selo.
   ______________________________________________________________________

______________________________________________________________
______________________________________________________________
_____________

6. Marami ang bumili sa alahas ni Simoun dahil batid nila itong makapangyarihan at tagapayo ng Kapitan Heneral.
   _____________________________________________
______________________________________________________________
___________________________________________________

7. Walang bumili ni isa man sa mga nagsitawad sa mga luma at makasaysayang lahas ni Simoun ngunit sa kanyang mga bagong hiyas nama'y pinagkaguluhan.
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
__________

8. Tulad ni Tales na pinagtawanan ng prayle at ang bagong gumagawa ng lupa ay isang lalaking nakita ang kanyang asawa na kasama ang ibang lalaki na pumasok sa isang silid at nangagtatawanang inaglahi ang kanyang pagkalalaki. _________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
_________________________________________________

9. May nagbihis-usa para may maipabaril lamang sa Kapitan Heneral at may kasama pang banda ng musiko nang bumisita ito at mangaso sa Bosoboso.
   _________________________________________________________
   ____________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
________

10. Malalaki at magagara ang mga sabungan samantalang nasa kahabag-habag na kalagayan ang mga paaralan.
    ______________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

**Gawain 4: ANG DIWA NG NOBELA**

Susuriin mo ang mahahalagang pangyayari sa mga kabanatang iyong nabasa sa pamamagitan ng pagtukoy sa diwang nais palutangin ni Rizal sa kanyang nobela. Punan ang talahanayan sa ibaba. Gawing batayan ang unang halimbawa.

| PANGYAYARI | KONSEPTONG LUTANG | KAUGNAYAN NITO SA PANAHON NI RIZAL | REAKSYON |
|---|---|---|---|

| | | | |
|---|---|---|---|
| Hindi naghimala ang birhen para madagdagan ang salaping kailangan ni Huli. | Pag-asa sa milagro/ Pananampalataya | Itinuro ng mga kura ang pagtitiis sa mga milagro ng santo na isa sa mabubuting katangian ng mga Katoliko. | Mabuti ang sumampalataya ngunit nasa atin pa rin ang pagtugon sa pagsubok. Wika nga, nasa Diyos ang awa, nasa tao ang gawa. |
| 1. Nagpaalila si Huli kay Hermana Penchang sa araw ng Pasko. | | | |
| 2. Napipi si Tandang Selo sa sama ng loob. | | | |
| 3. Pinag-usapan sa bayan ang pagkapipi ni Selo at nagturuan kung sino ang may kasalanan. | | | |
| 4. Pinababasa ni Hermana Penchang ang aklat na "Tandang Basyong Makunat" | | | |
| 5. Ipinagmalaki ni Simoun ang kanyang rebolber kay Tales. | | | |
| 6. Walang namimili isa man sa mga luma at makasaysayang mga alahas ni Simoun ngunit nang ipakita ang mga bago ay kanila itong pinagpistahan. | | | |
| 7. Tulad ni Tales na pinagtawanan ng prayle at ang bagong gumagawa ng lupa ay isang lalaking nakita ang kanyang asawa na kasama ang ibang lalaki na pumasok sa isang | | | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| silid at nangagtatawanang inaglahi ang kanyang pagkalalaki | | | |
| 8. Ninakaw ni Tales ang rebolber ni Simoun at ipinagpalit ang agnos ni Huli. | | | |
| 9. Dinakip ng mga guwardiya sibil si Tandang Selo na ikinatuwa naman ni Simoun. | | | |
| 10.Pinatay ni Tales ang prayle, lalaking gumagawa ng lupa at ang asawa nito na putol ang leeg at puno ng lupa ang bibig. | | | |
| 11.May nagbihis-usa para may maipabaril lamang sa Kapitan Heneral at may kasama pang banda ng musiko nang bumisita ito at mangaso sa Bosoboso. | | | |
| 12. Malalaki at magagara ang mga sabungan samantalang nasa kahabag-habag na kalagayan ang mga paaralan. | | | |
| 13. Nakapagsasabong at nagpupusta nang malaki ngunit hindi mapag-aral ang mga anak at hindi makumpuni ang sariling tahahan. | | | |
| 14. Sang-ayon ang dominikanong si | | | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| Padre Fernandez sa paaralang binabalak ng kabataan. | | | |

Pamprosesong Tanong:

1. Alin sa mga natukoy na pangyayari ang nakatawag sa iyo ng pansin? Bakit? __________

_______________________________________________________________

_____

2. Alin naman sa mga natukoy na pangyayari ang malinaw na maiuugnay mo sa iyong sariling karanasan, gawaing pangkomunidad, isyung pambansa o ng pangyayaring pandaigdig?

   _______________________________________________________________

   __

_______________________________________________________________
_______________________________________________________________
_______________________________________________________________
______________


3. Kung ito ay mababasa ng ibang mga bansa sa daigdig, ano-ano kayang isyu ang maaaring maiuugnay sa kanilang kalagayan?

   ________________________________________

_______________________________________________________________
_______________________________________________________

**Gawain 5: DALAWANG MUKHA NG NOBELA**

Natutuhan mo sa mga nakaraang mga kabanata ang malinaw na binary oppositions o dalawang panig na kalagayan ng lipunan: malalakas at mahihina, mayayaman at mahihirap, o ng makapangyarihan at mangmang. Punan ang chart sa ibaba upang mailahad ang binary opposition mula sa mga kabanatang iyong binasa. Isulat sa unang panig ang unang konsepto at sa tatlong kahon ay isalaysay o ilahad mo naman ang mga patunay sa mga kabanatang binasa. Sa ikalawang panig naman ay ang ikalawang konsepto at sa tatlong kahon sa ibaba nito ay mga patunay sa binasang mga kabanata.




Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang iba't ibang kalagayan ng lipunan sa panahon ni Rizal ang malinaw na isinalaysay sa mga kabanatang iyong binasa?

   ________________________________________

________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________

2. Ano-anong isyu at kaugalian ang nailahad sa akda ang malinaw pa ring masasalamin sa kasalukuyan?

   ________________________________________________________________________
   _

_________________________________________________________________________________________________________________

3. Ano-anong kaisipan ang inilahad ni Rizal sa mula sa unang mga kabanatang binasa ang tugon sa mga kaugalian o isyung kanyang inilarawan sa nobela?


_________________________________________________________________________________________________________________

4. Sa paanong paraan kung gayon, nakatulong ang El Filibusterismo sa ating bayan?

_________________________________________________________________________________________________________________

**Gawain 6: SA GANANG AKIN**

Maraming implikasyon ang iyong mabubuo matapos basahin ang nobela ni Rizal lalo na sa mga tauhang ginamit niya upang ilarawan ang mga pangyayari sa kanyang panahon. Matapos mong matutuhan ang mahahalagang pangyayari sa mga tauhan sa nobelang nabasa, sagutin mo ang gawaing ito bilang pagbubuod at pagtulunton sa natutuhang kaalaman ng iyong binasang mga kabanata lalo na sa pangunahing tauhang nakaimpluwensya sa iyo at patuloy mo pang susubaybayan ang kanyang buhay sa nobela


1. What did you read about today? Be as specific as possible.

2. How did you feel about what you read today? Why?

3. Think about your favorite character. What happened to him/her today?

4. How would you feel if the same thing that happened to him/her, happened to you?

5. What questions do you have about what you read today?

7. What do you predict will happen next in this story (or later in the story)?

1.Tungkol saan ang nabasa mo ngayon?
______________________
_____________________________________________
__________
2. Ano ang naramdaman mo tungkol sa nabasa mo ngayon? Bakit?
_____________________________________________
__________
3. Pumili ng isang paborito mong tauhan sa mga kabanatang nabasa mo. Ano ang nangyari sa kanya?
______________________
_____________________________________________
_____________________________________________
___________________
4. Ano ang mararamdaman mo kung nangyari sa iyo ang nangyari sa kanya? Ano naman ang gagawin mo kapag nangyari sa iyo ito ?

**Katapusang Bahagi ng Paglinang:**


*Sa bahaging ito, natutuhan mo ang iba't ibang isyu, kaugalian, kalagayan at mahahalagang pangyayaring nagbigay sa iyo ng pang-unawa sa panahong isinulat ito maging sa kasalukuyan. Tiyak akong marami kang natutuhang makatutulong sa iyo upang lubos mong maunawaan ang iyong sarili, ang iyong kapwa, ang iyong lipunan, at maging ang iyong pananampalataya.*

*Ngayong alam mo na ang mahahalagang kaalamang ito, maaari ka ng tumungo sa susunod na bahagi ng ating modyul. Palalimin natin ang iyong kaalaman sa susunod na bahagi o pagtalakay.*

Bilang panimula sa bahaging ito, ibig kong magkaroon ka ng pansariling pagtataya. Sa iyong palagay, sa tulong ng mga sinundang gawaing iyong isinagawa, masasabi mo bang kaya mo ng tatasin o bigyang kahulugan ang mga pahayag na iyong mababasa o maririnig?
Magagamit mo ba ang mga mga ito upang maging mabisa ang pag-unawa mo sa anumang mababasa o maririnig sa iyong lipunan upang lubos mong maunawaan ang kaugnayan ng mga pangyayari sa tauhan sa kasalukuyan? Kung handa ka na, maaari ka nang magsimula.

**GAWAIN 7: IGUHIT MO ANG PAGKATAO KO**

Bawat tao ay may magkakaibang pagkatao. Muling balikan ang mga tauhan sa mga kabanatang iyong binasa at muling suriin ang pagkatao mayroon ang bawat tauhan. Pumili ng tatlo o higit pang tauhang iyong susuriin.Sa loob ng kahon ay iguhit ang kanyang mukha o katawan upang mailarawan ang kanyang anyo. Sa loob naman ng tatsulok ay iguhit ang anumang bagay na maglalarawan sa kanyang pagkatao. Samantala, iguhit mo naman sa loob ng bilog ang nais mong pagbabago para sa kanya. Isulat sa ibaba ng bawat hugis ang iyong paliwanag.



| | |
|---|---|
| ____________________ | ____________________ |
| ____________________ | |
| ____________________ | ____________________ |
| ____________________ | |

**Gawain 8: MULING PAGSUSURI SA AWIT (Konsepto ng Pagbabago)**

Matapos mong mapalalim ang pagkilala at pagsusuri sa mga piling tauhan muling balikan ang napanood na video o napakinggang mga awitin at muli mo itong tugunan upang masubok ang mas malalim mo pang pang-unawa sa sinuri mong mga awitin higit sa lahat ang mas malalim ding pang-unawa sa nobela. Makabubuo ka rin ng paghahambing na ang nobela ni Rizal ay masasalamin din sa mga kontemporaryong mga awitin na naglalantad din ng iba't ibang kamalayang panlipunan na nagpapatunay na ang nobela ay dapat pa ring dakilain sa kasalukuyan.

| MGA AWITIN | Anong isyu sa nobela ni Rizal ang pinatutungkulan ng awit? | Anong isyu naman sa ngayon ang pinatutungkulan ng awit? |
|---|---|---|
| http://www.youtube.com/watch?v=lBz6tRmYecI Banal na Aso ng Yano | | |
| www.youtube.com/watch?v=uLkbsWyOH8Y www.youtube.com/watch?v=mrLB7pED3R8 Mahirap Maging Mahirap ng Mateo Singko | | |
| www.youtube.com/watch?v=GATK9LoOvakHudas ng Bamboo | | |
| www.youtube.com/watch?v=L_hokTBziJ4Tatsulok ng Bamboo | | |

Pamprosesong Tanong:

1. Ano-anong mga kaugaliang Pilipino ang pinalilitaw ng nobela na malinaw pa ring makikita sa kasalukuyan sa pamamagitan ng mga awiting napakinggan o napanood na video?

   ____________________________________________________________
   _____

____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________

2. Ano ang mahalagang mensaheng nais ipadama ni Rizal sa tulong ng mga awitin?

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
________________

**Gawain 9: GANITO SILA NOON, GANITO KAMI NGAYON**

Maraming mga kaugaliang Pilipino ngayon ang maaaring maihambing natin noon. Tukuyin sa nobela ang iba't ibang mga pangyayari ang pinatutungkulan ng mga sumusunod na kaugalian. Sa isang hanay ay ihambing mo ang pangyayaring nakikita mo ngayon. Sa huling mga hanay ay ibigay ang iyong sariling pananaw,paniniwala o paninindigan kung paano mo mapaglalabanan ang negatibo at paano mo naman mapatatatag pa ang positibo.

| KAUGALIAN / PAGPAPAHALAGA | PANGYAYARI /SITWASYON NOON | PANGYAYARI/ SITWASYON NGAYON | PAANO MO MAPAGLALABANAN ANG NEGATIBO O MAPATATATAG ANG POSITIBO |
|---|---|---|---|
| KABAYANIHAN | | | |
| PAGGAMIT NG KAPANGYARIHAN O KAKAYAHAN | | | |
| PAKIKIPAG-KAPWA | | | |
| PAGMAMAHAL SA MAGULANG | | | |
| PAMUMUNO | | | |
| EDUKASYON | | | |
| PANANAMPALATAYA | | | |
| PANANALAPI/MATERY AL NA BAGAY | | | |

**Gawain 10: ISYU NGAYON**

Naging maingat si Rizal sa mga ginamit niyang salita upang maibigay ang matalino niyang pagsusuri sa magiging kapalaran ng Pilipinas laban sa mga duhagi. Ginamit niya ang nobela bilang tulay ng kanyang nais iparating sa atin na bigyan tayo ng babala sa mga nakaambang na pagbabago at panganib na haharapin ng Pilipinas sa mga darating na panahon. Higit na mainam kung babasahin mo rin ang sanaysay ni Rizal na, Ang Pilipinas sa Loob ng Isang Daang Taon tungo sa paglilinaw:
https://www.youtube.com/watch?v=RtJxm5nMyQ8
http://www.slideshare.net/arekushisubianka/ang-pilipinas-sa-loob-ng-isang-taon
). Matapos mong masuri ang iba't ibang kaugaliang inilalantad ng nobela mula sa mga pangyayari noon at ngayon, higit na mas mahalagang palalimin mo pa ang pang-unawa sa tunay na isyung nangyayari ngayon at kung ano ang nais na tugon ni Rizal sa kanyang nobela.  Bago mo sagutin ang talahanayan, panoorin

mo muna ang video sa pag-click sa link na nasa loob ng kahon at sagutin ang mga tanong sa ibaba bilang bahagi ng pagpapalawak ng iyong imahinasyon at magising ang diwa mo sa iyong lipunan.

| |
|---|
| https://www.youtube.com/watch?v=V40O9csAQgc Philippine Issues<br>https://www.youtube.com/watch?v=_-9K36uKzs8 Social Problems<br>https://www.youtube.com/watch?v=Ojx5B8IlkQE Philippine Current Issues<br>https://www.youtube.com/watch?v=eq_umEJIBZc Philippines' Biggest Issue<br><br>https://www.youtube.com/results?search_query=how+to+change+the+world How to change the world |

Pamprosesong tanong:

1. Anong isyu ngayon ang tinalakay sa dalawang video na iyong napanood?______________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________
2. Ano-ano naman ang mga kaugnay na isyu na ugat at bunga ng tungkol sa kahirapan?
   ______________________________________________________________
   _____________
   ______________________________________________________________
   _____________
3. Ano-ano pa bang isyu ngayon ang kinahaharap ng sambayanan?Paano ito tinutugunan ng pamahalaan o gobyerno at ano naman ang nararapat para sa iyoPunan ang talahanayan sa ibaba bilang tugon sa tanong na ito.

| ISYU NGAYON | DESISYON NG GOBYERNO | TUGON NI RIZAL BATAY SA NOBELA | NARARAPAT GAWIN PARA SA IYO |
|---|---|---|---|
| 1. | | | |
| 2. | | | |
| 3. | | | |
| 4. | | | |
| 5. | | | |

4. Kung si Rizal ay nabubuhay ngayon, ano kaya sa palagay mo ang maaari niyang gawin?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

5. Kung babalikan mo ang mga matatayog na kaisipang kanyang nailahad sa nobela, ano-ano ang maaaring maging batayan ng gobyerno ngayon bilang tugon sa mga isyu ng bayan?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________

6. Masasabi mo bang dakila pa rin ang El Filibusterismo sa kasalukuyan?

______________________________________________
______________________________________________
__________________________

**Gawain 11: PINATNUBAYANG PAGLALAHAT (Guided Generalization)**

Matapos mong masusing mapag-aralan ang iba't ibang mga pangyayari sa mga tauhan at mahahalagang mga kaisipan sa nobela, mahalagang maisagawa mo ang talahanayan sa ibaba bilang paglalahat sa mga araling natalakay sa modyul na ito. Punan ang mga kahon ng angkop na impormasyon upang ilahad ang iyong mga natutuhan sa modyul na ito.

Matapos mong masusing mapag-aralan ang iba't ibang mga pangyayari sa mga tauhan at mahahalagang mga kaisipan sa nobela, mahalagang maisagawa mo ang talahanayan sa ibaba bilang paglalahat sa mga araling natalakay sa modyul na ito. Punan ang mga kahon ng angkop na impormasyon upang ilahad ang iyong mga natutuhan sa modyul na ito.

| | **ASPEKTO 1** | **ASPEKTO 2** | **ASPEKTO 3** |
|---|---|---|---|
| Paano makatutulong ang nobela ni Rizal upang matugunan ang iba't ibang sakit ng lipunan sa kasalukuyan? | Mga Tauhan sa Unang 11 kabanata<br><br>Makatutulong ang El Filibusterismo sa pagtugon sa iba't ibang sakit ng lipunan sapagkat... | Mahahalagang Pangyayari sa unang 11 kabanata<br><br>Makatutulong ang El Filibusterismo sa pagtugon sa iba't ibang sakit ng lipunan sapagkat... | Mahahalagang Kaisipan ni Rizal sa Nobela<br><br>Makatutulong ang El Filibusterismo sa pagtugon sa iba't ibang sakit ng lipunan sapagkat... |

Pamprosesong Tanong:

1. Pansinin ang iyong mga sagot sa bawat gawain, mayroon ba itong pagkakatulad?

   ______________________________________________________________________
   ______________

2. Lahat ba ng mga kamalayang inilalantad ni Rizal sa iba't ibang aspektong iyong sinuri sa kanyang nobela ay iisa ang tunguhin? Ano-ano ang mga patunay? Magbigay ng halimbawa.

   ______________________________________________________________________
   ______________________________________________________________________
   ______________________________

3. Kung ang mga tauhan, mga pangyayari at mga kaisipan ni Rizal sa kanyang nobela ay nakabatay sa panahong isinulat niya ito, paano makatutulong ang kanyang nobela at dapat pa rin itong dakilain sa

kasalukuyan? Buuin ang pahayag at magbigay ng patunay o mga halimbawa.

Makatutulong ang El Filibusterismo sa pagtugon sa iba't ibang sakit ng lipunan sapagkat...

______________________________________________________________
______________________________________________________________
____________________________

Magbigay ng mga patunay at mga halimbawa

______________________________________________________________
______________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
____________________________

**Gawain 12: PANSARILING PAGTATAYA SA KAKAYAHAN AT PAG-UNAWA**

Ngayong nagkaroon ka ng pagkakataong masubok ang iyong kakayahan sa pagsusuri sa awit, ngayon ay subukin mong isagawa ang gawaing ito bilang pansariling pagtataya I-tsek ang katapat na kahon kung hanggang saan ang iyong kakayahan sa mga sumusunod na pagsubok o kasanayan.

| MGA KASANAYAN | Kaya kong mag-isang gawin sa iba't ibang paraan | Kaya kong mag-isang gawin | Kailangan ko pa ng tulong |
|---|---|---|---|
| Naipahahayag ang sariling paniniwala at pagpapahalaga kaugnay ng mga kaisipang namayani sa akda | | | |
| Nasusuri ang mga kaisipang lutang sa akda (Diyos, bayan, kapwa-tao ,magulang) | | | |
| Natatalakay ang mga kaisipang ito:<br>- kabuluhan ng edukasyon<br>- pamamalakad sa pamahalaan<br>- pagmamahal sa:<br>✓ Diyos<br>✓ bayan<br>✓ pamilya<br>✓ kapwa-tao<br>- kabayanihan<br>- karuwagan<br>- paggamit ng kapangyarihan<br>- kapangyarihan ng salapi<br>- kalupitan at pagsasamantala sa kapwa | | | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| - kahirapan<br>- karapatang pantao<br>- paglilibang<br>- kawanggawa<br>- paninindigan<br>sa sariling prinsipyo<br>- at iba pa | | | |
| Naipaliliwanag ang kabuluhan ng mga kaisipang lutang sa akda kaugnay ng :<br>- karanasang pansarili<br>- gawaing pangkomunidad<br>- isyung pambansa<br>- pangyayaring pandaigdig | | | |
| Nabibigyang-kahulugan ang matatalinghagang pahayag sa pamamagitan ng pagbibigay ng halimbawa | | | |
| Naiuugnay ang kaisipang namayani sa pinanood na bahagi ng binasang akda sa mga kaisipang namayani sa binasang akda | | | |
| Naipahahayag ang sariling paniniwala at pagpapahalaga tungkol sa mga kaisipang namayani sa akda | | | |
| Naisusulat ang pagpapaliwanag ng sariling mga paniniwala at pagpapahalaga kaugnay ng mga kaisipang namayani sa akda | | | |
| Naipahahayag ang sariling paniniwala at pagpapahalaga gamit ang angkop na mga salitang hudyat sa paghahayag ng saloobin/ damdamin | | | |

Binabati kita sa natsek mo sa ikalawang hanay na kaya mo nang mag-isa gayundin sa unang hanay na kayang-kaya mo nang gawin sa iba't ibang paraan. Kung mayroon ka pang kailangang matutuhan ay maaari kang magtanong sa iyong guro sa pamamagitan ng email account, fb o sa tweeter. Maaari ka ring magsaliksik sa internet, makipanayam o sumangguni sa mga aklat bilang tulong sa iyong pag-aaral.

**Wakas ng PAGPAPALALIM:**

Sa bahaging ito, tinalakay natin ang mga kaalaman hinggil sa iba't ibang mensahe at tulong na magagawa ng obra ni Jose Rizal na El Filibusterismo. Ano-anong mga bagong kaalaman ang iyong nakuha na maaari mong magamit sa pang-araw-araw na pamumuhay at ano ang nakatulong sa'yo upang matamo ang mga ito?

Ngayon at may malalim ka nang pag-unawa sa paksa, handa ka ng gawin ang isang proyektong may kinalaman sa paglalahad ng mga mensahe bilang paghahanda sa isang masining na pagkukuwento.

## PAGPAPALALIM

Ito na nga ang huling bahagi ng aralin na talaga namang inilaan para higit pang mapayaman ang iyong kaalaman at mapagtibay ang anumang bagay na iyong natutuhan. Mga natutuhang magagamit mo sa pang-araw-araw na pamumuhay.

Layunin ng bahaging ito na sukatin ang iyong natutuhan sa pamamagitan ng paglilipat ng kaalaman sa pagsasakatuparan ng proyekto tungkol sa masining na pagsasalaysay. Sa ngayon upang maihanda ka sa iyong inaasahang pagganap tungkol sa movie trailer, gawin mo muna ang mga paunang gawain ito.

GAWIN MO ANG ***MINI TASK*** NA ITO!

**GAWAIN 13: Huling Bahagi Masining na pagkukuwento ng piling karakter sa El Filibusterismo**

Ikaw ay masining na magkuwento (monologo/deklamasyon/masining na pagsasalita) ng isang piling tauhan sa nobela upang ilarawan ang iba't ibang kalagayan ng mga Pilipino sa kasalukuyan kung saan ay malinaw ding maiuugnay sa kalagayan ng mga tauhan sa El Filibusterismo. Mahalagang isaalang-alang ang mga kaisipang natutuhan sa araling ito upang malinaw na mailarawan ang tunay na kalagayan ng bansa noon na inilalantad ng tauhan sa nobela at kung paano hinarap ng mga tauhan sa nobela ang mga isyu gayundin ang kahalintulad na pagharap at kung paano hinaharap ng bawat Pilipino ngayon ang mga isyu at kalagayan sa lipunan maging ang kaugnayan ng mga taong nakapaligid sa kanya sa pagharap sa buhay at pagbabago ng kanyang mga paninindigan, katayuan o pagkatao.

**TSEKLIST SA MASINING NA PAGKUKUWENTO NG NAPILING TAUHAN**

Diskripsyon: Bibilugan ang angkop na iskro batay sa narinig na masining na pagtatanghal.

4: Katangi-tangi
3: Mahusay
2: Nalilinang
1: May Kahinaan

| | Mga Pamantayan | Marka |
|---|---|---|
| Nilalaman | Nailahad ang mga dapat isaalang-alang sa pagtatanghal upang maipakilala o mailarawan ang tauhan at ang kaugnayan nito sa kasalukuyan. | |
| Organisasyon | Naisaayos ang mga kaisipan gamit ang mga pahayag sa pagsasalaysay upang mabisang mailarawan ang napiling tauhan . Maayos ang daloy at hindi nawawala ang kawilihan at kasabikan sa bawat paglalahad ng mga kaisipan. | |
| Paggamit ng Wika | Angkop na ekspresyon ng mukha, kumpas ng kamay at pagkilos bilang pagbibigay diin sa mahahalagang pangyayari. | |
| Bisa ng Pahayag sa Pagsasalita | Angkop ang pagbigkas ng mga salita,taginting ng tinig, tono at diin na makapagpapatibay sa bisa ng pagsasalita | |
| Reaksyon ng Tagapakinig | Matamang nakikinig ang mga nanonood at intresadong-intresado sa paraan ng pagsasalita. | |
| | **KABUUAN** | |

**Pamprosesong Tanong:**

1. Mula sa lahat ng iba't ibang media na naging bahagi ng modyul na ito, ano-anong mahahalagang kaisipan ang naiibigay na impluwensya ng paggamit media sa pagkatuto?
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ___________________________


2. Paano nakatutulong ang media sa pagtugon sa pagbabago ng panlipunan? _____________
   ______________________________________________________________
   ______________

3. Paano mas nagiging mabisa ang pahayag sa tulong ng media?
   _______________________
   ______________________________________________________________
   ______________

**GAWAIN 14: BOOK MARK**

Bilang iyong repleksyon sa lahat ng mga natutuhan mo sa araling ito, bumuo ng malikhaing "book mark"na nakasulat ang ilang piling kaisipang ipinahayag ng tauhan o ng may akda . Maaari mo ring gamitin ang glogster.edu upang bumuo ng book mark. I-post ang book mark sa discussion board at humingi rin ng reaksyon sa mga kaklase, guro at mga kaibigan. Tandaang ang inyong tugon ay

aking susubaybayan. Magbigay rin ng paliwanag sa discussion board kung paano nakatulong o nakaimpluwensya ang kaisipang ito sa iyo. Tingnan ang halimbawa.




**Katapusang Bahagi ng PAGLILIPAT:**

Sa bahaging ito, naisagawa mo ang isang mabisang paraan ng pagsusuring pampanitikan. Ngayong alam mo na kung paano mo ilalarawan ang iyong isinagawang pagganap? Paano nakatulong ang gawain upang maunawaan mo ang mahahalagang pangyayari sa mga tauhan sa nobela at lalong makilala ang lipunan sa kasalukuyan?

Ngayon handa ka ng ipagpatuloy ang pagsagot sa modyul na ito sa pamamagitan ng susunod na aralin.

**Katapusang Bahagi ng PAGLILIPAT:**

Sa bahaging ito, naisagawa mo ang isang mabisang paraan ng pagsusuring pampanitikan. Ngayong alam mo na kung paano mo ilalarawan ang iyong isinagawang pagganap? Paano nakatulong ang gawain upang maunawaan mo akdang El Filibusterismo bilang isang obra-maestra

Ngayon handa ka ng ipagpatuloy ang pagsagot sa panghuling pagtataya sa modyul na ito . Iklik lamang ang letra ng inaakalang tamang sagot. Sagutan ang lahat ng aytem. Pagkatapos kumuha ng pagsusulit, makikita mo ang iyong iskor.

Kung handa ka na, i-klik ang SIMULA.

1. Ang El Filibusterismo ay isinulat ng may akda dahil sa mga sumusunod maliban sa isa:
   a. Iniaalay ni Dr. Jose Rizal ang nobelang El Filibusterismo sa GomBurZa na nag-alay ng buhay dahil sa nobela.
   b. Nakatulong nang malaki kay Andres Bonifacio at sa katipunan sa pagkamit ng kalayaan.
   c. Lubos siyang nagtipid at isinakripisyo ang ilang mahal sa buhay para lamang sa kanyang nobela.
   d. Nakulong at namatay siya dahil sa pagbubuwis ng buhay sa pag-aalsa at pamumuno sa himagsikan laban sa mga Kastila.

2. Alin ang totoo sa ugnayan ng Noli Me Tangere at El Filibisterismo?
   a. Nagtapos ang Noli Me Tangere sa buwan ng Disyembre nang mamatay si Basilio at nagsimula naman dito ang El Filibusterismo sa Bapor Tabo.
   b. May 13 taong nakapagitan sa Noli at sa El Filibusterismo mula sa pagtakas ni Crisostomo hanggang sa kanyang pagbabalik bilang si Simoun.
   c. Naging makapangyarihan si Simoun dahil sa kayamanang namana pa niya sa kanyang angkan ng mga Ibarramendia na ginamit niya sa pangingibambansa.
   d. Naghiwalay sina Basilio at Crisostomo sa gubat matapos magpaalam sa isa't isa at muling nagtagpo sa Bapor Tabo matapos ang 13 taon.

3. Kailan at saan nilimbag ni Rizal ang El Filibusterismo?
   a. Setyembre 1891 saGhent,Belgium
   b. Marso 1888 sa Madrid, Spain
   c. Oktubre 1887 sa Calamba,Laguna
   d. Disyembre 1896 sa Bagumbayan

4. Alin ang tamang pagkakasunod-sunod na naganap kay Simoun sa unang sampung kabanata.

| | |
|---|---|
| A.Pinuna ni Simoun ang pagpapatira ng arsobispo sa naging kasintahan nito sa isang kuweba kundi dapat sa isang kumbento tulad ng Santa Clara para madalaw paminsan-minsan | C.Nakuha ni Simoun ang agnos kay Kabesang Tales kapalit ng baril at ang pagsama ng huli sa mga tulisan na siya namang ikinatuwa ni Simoun. |
| B.Hindi pinatay ni Simoun si Basilio dahil pareho silang may dapat ipaghiganti kaya dapat silang magtulungan. | D.Iminungkahi ni Simoun na maghukay ng bago at tuwid na ilog, paghukayin ang mga bilanggo, kriminal at maging ang lahat ng tao nang sapilitan. |

   a. ABCD
   b. DCBA
   c. DABC
   d. CABD

5. Paano inilarawan ni Rizal ang Bapor Tabo?
   a. mabagal sa pag-usad, puti sa labas, gumagamit ng makina at tikin, at hugis bilog
   b. malinis sa loob na may pinturang puti, bilog, may dalawang palapag, at magara
   c. puti sa taas na bahagi ngunit marumi sa ibaba, higus bilog at pinagagalaw ng tikin
   d. may dalawang kubyerta, kinulapulan ng itim na pintura at may bilog na anyo ito

6. Paano inilarawan ni Rizal si Simoun?
   a. Ipinalalagay na pinakamatalino sa lahat ng mga pinuno sa Pilipinas
   b. Iginagalang dahil sa kanyang kapangyarihan at kayamanan
   c. Mararahas ang balak na nagpapahirap sa mga mamamayan
   d. May mabuting loob at puno ng pagmamalasakit sa mamamayan

7. Alin sa mga sumusunod ang hindi angkop na paghahambing ni Rizal sa bapor Tabo at Pilipinas.
    a. May dalawang uri ng lipunan ang Pilipinas gaya ng sa bapor; Kastila, mayayaman at mga prayle sa itaas samantalang mestiso, tsino at indiyo sa ibaba
    b. Mabagal na pag-usad ng bapor at ang napakatagal at papahirap na pamamahala ng mga Kastila sa loob ng humigit-kumulang 300 taong pang-aalipin
    c. Malinis sa paningin ng Inang Espanya at ng iba pang nakatingin ngunit sa likod nito'y puno ng kabulukan ng pamamahala at kawalan ng hustisya
    d. May malinaw na plano para sa ikasusulong ng Pilipinas gaya rin ng makina at tikin na nagpapaandar sa bapor patungo sa hantungan nito

8. Alin sa mga sumusunod ang pinakaangkop na kahulugan ng pahayag sa usapan nina Simoun, Basilio, at Isagani na ito: ...matamis at naiinom ang tubig at pumapawi ng serbesa at ng alak, gayundin na pinapatay nito ang apoy at maaaring makapaglunod ng sangkatauhan.
    a. Nakapagdudulot ng malaking kaginhawahan sa maraming tao ang tubig gaya rin ng pagpawi sa alak at serbesa ngunit maaari rin nitong mapatay ang apoy na mapanganib
    b. Malamig man ang mga Pilipino gaya ng tubig ngunit kaya rin nitong patayin ang apoy na likha ng masasamang Kastila at nakapagpapahamak ng tao kapag kumulo at dumami
    c. Ang pagtutulungan ng tubig at apoy sa isang makina ay gaya rin ng magandang dulot kung magtutulungan ang mga Pilipino at mga Kastila sa pag-unlad ng Pilipinas
    d. Malaki ang nagagawa ngpagtutulungan upang mapaunlad ang isang bansa ngunit hindi nangyari ang pagsulong dahil sa pagkakanya-kanya ng mga Pilipino

9. Alin sa mga sumusunod ang hindi pinagdaanan ng pamilya ni Tales?
    a. Dinukot si Kabesang Tales ng mga tulisan nang wala nang kakayahan si Tales na lumaban at kanila itong ipinatubos
    b. Inangkin ang kanyang lupa ng mga prayle dahil hindi makabayad ng buwis at walang naipakitang katibayan ang korporasyon
    c. Nangutang si Huli kay Hermana Penchang at nagpaalila sa kanya para lamang makaipon ng perang pantubos sa kanyang ama

   d. Nakipagkasundo si Tata Selo sa korporasyon ng mga prayle na magkawal si Tano bilang bayad sa buwis na hindi mabayaran ng anak

10. Ano ang hindi totoo sa makasaysayang agnos o relikaryo sa nobela ni Rizal?
    a. Ipinagkaloob ito ni Crisostomo kay Maria Clara
    b. Ipinagkaloob ni Maria Clara sa ketongin bilang limos
    c. Ibinigay ng ketongin kay Basilio bilang bayad
    d. Ipinanregalo ni Basilio kay Huli tanda ng pag-ibig

11. Alin sa mga sumusunod ang kaugaliang Pilipino ngayon na totoong inilahad ni Rizal sa kanyang nobela?
    a. Pagpapaubaya ni Huli sa mga milagro matapos nitong ilagay ang pera sa ilalim ng imahen ng Birhen at umasang dodoble ito kinabukasan
    b. Pag-asang may tutulong at magliligtas sa paghihirap gaya ni Bernardo Carpio na magliligtas sa Pilipinas kapag nakawala ang isang paa
    c. Nagtungo si Basilio sa Maynila sa pag-asang makapagpapatuloy ng pag-aaral at umaasang makapag-aahon sa kanya sa paghihirap sa buhay
    d. Isinangla ni Huli ang kanyang alahas galing kay Basilio dahil sa kagipitan at magamit para makalaya na ang ama mula sa pagkakakulong.

12. Alin sa mga sumusunod ang kasingkahulugan ng kaisipang binigkas ni Simoun, walang mang-aalipin kung walang paaalipin.
    a. Ang layunin ay nagbibigay ng katarungan sa pamamaraan.
    b. Ang pagpapaumanhin ay di laging kabaitan kundi isang kasalanan kung nagpapaunlad ng paniniil
    c. Ang kadakilaan ng tao ay wala sa pagpapauna sa kanyang panahon kundi nasa pagtugon sa kanyang mga adhikain at pangangailangan
    d. Ang sakit ng bayan ay siyang higit na nangangailangan ng kagamutan.

13. Si Pilato ay nagbigay ng hatol na ipako si Hesus sa krus gayong alam naman niyang wala siyang pagkakasala. Sinunod niya ang hiling ng mga taong nasulsulan ng mga tauhan ng tulisang si Barabas. Matapos ng hatol

ay naghugas siya ng kamay at sinabing wala siyang pagkakasala. Alin sa mga sumusunod ang hindi maituturing na Pilato sa Kabanata 9?

a. Ang alperes o puno ng mga sibil na nagsamsam ng armas ni kabesang Tales
b. Ang asenderong bagong nagmamay-ari ng lupa na nagsumbong na may armas si Tales
c. Si Hermana Penchang na nagsamantala sa kahinaan ni Huli
d. Si Simoun na ipinampalit ang agnos ni Huli sa baril na ginamit ni Tales paghihiganti

14-16. Piliin sa loob ng kahon ang angkop na kaisipang mula sa Kabanata 7 ang inilalahad ng mga sumusunod na sitwasyon.

| |
|---|
| a. Ang pagpapaumanhin ay di laging kabaitan kundi isang kasalanan kung nagpapaunlad ng paniniil. Minsa'y kailangang tumugon upang malutas ang sigalot.<br>b. Ang kadakilaan ng tao ay wala sa pagpapauna sa kanyang panahon kundi nasa pagtugon sa kanyang mga adhikain at pangangailangan<br>c. Ang layunin ay nagbibigay ng katarungan sa pamamaraan. Walang kabuluhan ang pamamaraan kung hindi tumutugon sa mabuting layunin.<br>d. Ang sakit ng bayan ay siyang higit na nangangailangan ng kagamutan. Mahalaga ring tuparin ang tungkulin bilang tugon ng paglilingkod. |

14. Nalaman mong namatay ang iyong kamag-anak ngunit wala kang perang magagamit para makauwi sa probinsya kung saan ililibing ang isang taong pinagkakautangan mo ng loob. Nakita mong may naiwang pera ang inyong kahera sa kanilang kabinet. Kinuha mo ito at inisip mo na lamang na makatutulong naman ito sa pagpunta sa araw ng libing ng iyong kaanak.

15. Lagi kang binu-bully ng iyong kamag-aral ngunit dahil likas kang mapagpasensya, hindi mo na lamang siya pinapansin. Sa tuwing iniinis o hinahamak ka ng iyong kaklase, inaalala mo na lamang ang iyong sitwasyong wala kang magagawa kung papatulan mo lamang sila. Pinagtatawanan ka at nilalayuan ka ng ilang mga naging kaibigan dahil sa iyong kahinaan. Hindi naglaon ay naging dahilan ng pagpaparusa sa iyo ng paaralan dahil sa pagkakamaling hindi mo naman ginawa.

16. Kailangan mong umalis sa iyong bayan dahil marami kang mga natuklasang hindi kanais-nais sa batas ng tao at sa Diyos. Hinimok mo ang iyong mga mahal sa buhay na lumayo na lamag kaysa manatili sa iyong bayan. Ayaw mo ring masira ang kredibilidad ng iyong tatay na isang opisyal at sa ibang bayan mo na rin ipagpapatuloy ang iyong

propesyon. Alam mong wala kayong magiging magandang buhay kung patuloy kayong mabubuhay sa bayang puno ng kaguluhan at imoral na gawain.

17. Naatasan kang magpasya sa mga kasong pinagpasiyahan ng Kapitan Heneral sa bayan ng Los Banos. Bilang isang puno ng Korte Suprema, alin sa mga sumusunod ang iyong unang pag-uukulan ng pansin at paiimbestigahan para sa kapakanan ng bayan sa lalong madaling panahon?
    a. Pinahintulutan ang pagbebenta ng mga armas na mababa sa anim na milimetro ang laki dahil may anim na milimetro ang mga ito para sa kaligtasang pansarili.
    b. Ipinagkait ang gusaling hinihingi ng guro para sa mga mag-aaral, tatanggalin pa siya sa kanyang trabaho at aalisin din ang mga magrereklamo.
    c. Ipinagpaliban ang pagpapasya sa akademya dahil sa matinding pagtatalo ng mga prayle at kawani na kapwa walang malinaw na resolusyon .
    d. Pagbibigyan ang kahilingan ni Huli na palalayain ang kanyang lolo Selo bilang pagkalinga sa kanyang mga kaawa-awang kalagayan sa buhay

18. Aling sakit ng lipunan sa ngayon ang hindi inilarawan ni Rizal sa nobela?
    a. Ang paggamit ng banda at pagbibihis-usa ng isang tao para may maipabaril lamang sa kapitan Heneral ay tanda ng panlalangis sa may kapangyarihan
    b. Nahaharap at nakapupusta nang malaki sa sugal gaya ng sabong ngunit ang pagpapaaral sa mga anak at pagkukumpuni sa sariling tahanan ay hindi maharap
    c. Pagpapahirap sa mga bata tuwing Pasko para lamang magkapera ang mga magulang mula sa aginaldong nakuha sa pamamasko
    d. Paggamit ng pararayos na panlaban sa kidlat at ng benditadong palaspas bilang pagpapakita ng malalim na pananampalataya

19. Nagbalik si Simoun dala ang layuning makapaghiganti sa mga sawimpalad ng lipunang nais niyang wasakin. Alin sa mga sumusunod ang higit na hindi kabilang sa mga pinag-alayan niya ng kanyang paghihiganti?
    a. Maria Clara
    b. Elias
    c. Sisa at mga anak

   d. Don Rafael

20. Alin sa mga sumusunod na sitwasyon ang hindi layunin ng paghihiganti?
   a. Nagkaroon ka ng matalik na kaibigan sa loob ng maraming panahon. Dala marahil ng mahirap na katayuan sa buhay ay lumayo ang iyong kaibigan at sumama sa iba. Itinatwa ka niya sa mayamang kasintahan ng iyong naging matalik na kaibigan. Lumayo ka at nag-aral nang mabuti. Yumaman ka, naging tanyag at bumalik upang ipakita sa iyong matalik na kaibigan na naging mas mahirap pa sa daga ngayon ang iyong naging tagumpay.
   b. Nakilala ka sa inyong paaralan dahil sa iyong maraming angking kakayahan. Dumating ang araw na natalo ka dahil sa mas may angking kakayahan ang isa sa bago mong kaklase. Sinuri mo ang iba pa niyang kakayahan at nagsagawa ka ng isang paligsahang mas higit ang kakayahan mo kaysa sa kanya. Natuwa ka sa iyong pagkapanalo.
   c. Nabalitaan mong dumating ng iyong kapitbahay galing sa ibang bansa. Nakita mo ang mabilis nilang pag-unlad at napag-iwanan kayo pagdating sa katayuan sa buhay. Minsa'y nakita mong nilooban ang kanilang bahay ng mga pusakal at hinayaan mo na lamang na mangyari ang hindi inaasahan. Nanahimik ka na lamang kahit alam mong makatutulong ka sa pagdakip sa mga magnanakaw.
   d. Masakit sa loob mo na pinagalitan ka ng iyong magulang dahil sa pagbaba ng iyong grado at may isa ka pang bagsak. Sa araw-araw na iyong pag-uwi ay lagi ka na lamang pinaalalahanan ng iyong mga magulang habang nginingitian ka ng iyong kapatid sa tuwing ika'y pinagagalitan. Nag-aral kang mabuti at naipasa mo ang iyong mga asignatura habang palihim na itinatago ang ilang gamit ng iyong kapatid sa paaralan. Natuwa naman ang iyong mga magulang at siya naman ang pinagalitan.

**GLOSARYO NG MGA TERMINONG GINAMIT SA MODYUL NA ITO:**

| | |
|---|---|
| Adsum | Sir, present (sa Ingles) o sa Tagalog, narito po. |
| Agnos | Tinatawag ding locket o kuwintas na may mamahaling uri ng bato |
| Arketipal | Pagdulog pampanitikan upang masuri ang kahulugan ng mga simbolong inilahad sa akda |
| Bernardo Carpio | Hari ng mga mangmang na Pilipinong magliligtas laban sa mga Kastila. |
| Culata | Dulong bahagi ng baril |
| Esmeralda | Isang uri ng mamahaling bato na ginagawang alahas |
| Fatalistic | Isang pananaw na sinasabing walang solusyon kundi nasa Diyos lamang. |
| Filibusterismo | sa mga Kastila, aksyon o pag-uugali ng mga indyo na hindi kanai-snais sa mata ng Kastilang panginoon<br>Sa mga Indyo, mapanghamon at nagpapakita ng tapang laban sa abusadong paghahari ng mga dayuhan; pagnanasa ng mga Indiyo na makalaya mula sa pananakop o sinumang nagtatrabaho upang makalaya sa kolonya ; ang anumang matagumpay na paghihimagsik laban sa paghahari ng Espanya sa kanyang kolonya ay nangangahulugan ng pagkawala at paglaya ng kolonyang iyon ( Valdez, M, 2008) Ayon sa pag-aaral ni Valdez, ang salitang filibuster ay nakaugat sa realidad ng tagisan sa paguitan ng Espanya at Pilipinas- ang Espanya ay ang bansang sapilitang sumasakop sa Pilipinas, at ang Pilipinas ay ang bayan ng mga indiyong nagnanais na maging malaya mula sa pananakop na ito. Si Simoun ay lumulutang na isang ideyal na filibuster na naging simbolo ng isang mapagpalayang damdamin, isang tuwirang paglaban sa isang mithiin, malupit at abusadong rihemen. Hindi nabigo si Simoun sa kanyang paghihimagsik dahil dito nagising ang mga Pilipino at pumutok ang himagsikan na pinamunuan ni Andres Bonifacio.<br>Tagisan sa pagitan ng Espanya(kolonista) at ng Estados Unidos (mas malakas na kolonista) Para sa mga taong mulat sa mga pandaigdig na pangyayari, ang Espanya sa panahong iyon ay papahina na, at kadalasan nang hinahamon ng mga mas malakas at mas batang mga kolonista tulad ng Estados Unidos. |
| Karomata | Tinatawag ding kalesang hinihila ng kabayo |
| Korporasyon | Samahan ng mga prayle |
| Loro | Isang uri ng ibong madaling turuang magsalita |
| Misa De Gallo | Misa sa hating gabi o madaling araw sa panahon ng Kapaskuhan |
| Noche Buena | Gabing maganda dahil sa pagsilang ni Kristo |

| | |
|---|---|
| Pag-asunto | Pagsampa ng kaso upang maipagtanggol ang sarili |
| Panatiko | Ipinalalagay na baliw o sobra sa karaniwang ugali/nakasanayan |
| Pararayos | Anumang bagay na de-koryenteng panlaban sa kidlat |
| radical revolutionary | Isang pananaw na kailangan at mahalaga ang pagbabago na maisasagawa ng mga nasa ibaba. |
| Reformist | Isang pananaw na posible ang pagbabago ngunit galing mula sa itaas/pamahalaan. |
| Sobresaliente | Pinakamataas na karangalang may kasamang medalya |

**MGA SANGGUNIANG GINAMIT SA MODYUL NA ITO:**

**Mga Aklat:**

Abueg, Efren R. At Magdalena C. Sayas (2004). El Filibusterismo ni Dr. Jose Rizal. Makati City: Diwa Textbooks

Valdez, M (2008) Pagbabalik-Tanaw sa El Filibusterismo ni Dr. Jose Rizal. Quezon City: The Library Publishing House, Inc.

**Mungkahing website links patungkol sa Kaligirang Kasaysayan ng El Filibusterismo**

http://filipinotek.wordpress.com/2013/03/29/kasaysayan-ng-el-filibusterismo/ Kaligirang Pangkasaysayan ng El Filibusterismo
http://filipinotek1387.blogspot.com/2013/03/kaligirang-pangkasaysayan-ng-el.htmlKaligirang Pangkasaysayan ng El Filibusterismo
http://kadipanvalsci.blogspot.com/2010/07/pagkakaiba-ng-noli-me-tangere-at-el.htmlPaghahambing sa Noli Me Tangere at El Filibusterismo
http://www.kapitbisig.com/philippines/el-filibusterismo-ni-dr-jose-rizal-book-notes-summary-in-tagalog-kabanata-1-sa-ibabaw-ng-kubyerta-ang-buod-ng-el-filibusterismo_93.html Buod ng mga kabanata ng El Filibusterismo
http://tl.wikibooks.org/wiki/El_Filibusterismo Paglalahad sa nilalaman ng nobelang El Filibusterismo
http://www.gutenberg.org/files/10676/10676-h/10676-h.htmBuod ng El Filibusterismo

http://angelfilibusterismo.blogspot.com/p/mga-pahiwatig-ng-ibat-ibang-kabanata.html Pagpapakahulugan sa ilang mga tauhan sa El Filibusterismo
http://www.youtube.com/watch?v=xbSaxljl4CE I-Witness (Mahiwagang Ngiti ni Rizal)
http://www.youtube.com/watch?v=rAq_OjZI-6k Pluma: Si Rizal, ang dakilang manunulat
http://www.youtube.com/watch?v=BL-8zrrJNdI cartoons
http://www.youtube.com/watch?v=_J7SBIxh_mA Cartoons ng El Filibusterismo

http://www.youtube.com/watch?v=mo7e2mAwNFY&list=PLPmvS4aUM3nJo7KeOOGEFzLXzESYTDZUI 1962 El Filibusterismo, The Movie

http://jeffersonbiado.blogspot.com/2010/11/el-filibusterismo-kabanata-1-39-buod.html Buod ng El Filibusterismo
http://www.youtube.com/watch?v=QKqNwKnXS3A Ang Bapor Tabo, Gintong Klabaw Productions
https://www.youtube.com/watch?v=j961R4CkBr4 na naglalaman ng iba't ibang suliranin sa lipunan at ang pananaw ng iba't ibang uri ng tao.
https://www.youtube.com/watch?v=MR_4P4tjvYAMga Suliraning panlipunan ng India matapos ang 65 taon ng kalayaan
https://www.youtube.com/watch?v=jIjaJ-IrsBEhttps://correctphilippines.org/http://www.getrealphilippines.com/http://antipinoy.com/Sino ang dapat sisihin sa pagbabago ng lipunan: tao o gobyerno?
https://www.youtube.com/watch?v=puc9S19QuW4 Larawan ng Kahirapan ng Reporter's Notebook
https://www.youtube.com/watch?v=fqh69Y70vfk&spfreload=10 Eye Witness, Minsan sa Isang Taon
https://www.youtube.com/watch?v=_nhsDTfaX1oAng Larawan Ng Kahirapan (Poverty and Education
https://www.youtube.com/watch?v=eq_umEJIBZc Poverty, Philippines' Biggest Issue

https://www.youtube.com/watch?v=V40O9csAQgc Philippine Issues
https://www.youtube.com/watch?v=_-9K36uKzs8 Social Problems
https://www.youtube.com/watch?v=Ojx5B8llkQE Philippine Current Issues
https://www.youtube.com/watch?v=eq_umEJIBZc Philippines' Biggest Issue

https://www.youtube.com/results?search_query=how+to+change+the+world How to change the world
https://www.youtube.com/watch?v=RtJxm5nMyQ8 /
http://www.slideshare.net/arekushisubianka/ang-pilipinas-sa-loob-ng-isang-taon
Ang Pilipinas sa Loob ng Isandaang Taon

http://www.edutopia.org/groups/technology-tools/670791?utm_source=face
Gabay sa Pagbuo ng pelikula (Gabay sa Guro)